

Mga Espiritung Mapanghikayat



Magandang umaga, mga kaibigan. Nagagalak na maparito ngayong umaga, at nalalaman na yamang kayong lahat ay narito, naniniwala na ang Panginoon ay kasama natin ngayon, binibigyan tayo ng kaunting lilim, upang ito'y hindi maging napakainit dito sa tabernakulo para sa pang-umagang gawain. At ngayon tayo . . .

² Naniniwala ako, mayroon bang mga bata . . . Ang mga bata ba ay pinalabas na sa kanilang mga klase, Kapatid na Neville? Nakita ko ang ilang mga munting bata. Gusto ko lamang malaman kung pinalabas na nila ang mga klase pabalik sa kanilang—kanilang ibang mga lugar, patungo sa kanilang Panglinguhang pag-aaral na silid.

³ Ngayon, manalangin para sa akin. Mayroon akong isang mahalagang desisyon na dapat ko sanang gawin kagabi, at kailangan ko itong gawin ngayon. At hayaan ang iglesia na manalangin. Mayroon akong isang—mayroon akong isang pagtitipon na darating sa susunod, doon mismo sa hanay ng Iron Curtain sa Alemanya, at kaya ito'y medyo maselan. At ipanalangin ako. At kaya, ito'y, kami ay makapagsisimula kaagad doon sa malaking kriket na istadyum sa Alemanya, na ginawa ni Hitler bago ang digmaan, maganda't malaking lugar, naglalaman ng walumpong libong katao. At magagamit namin iyon ng sampung gabi, sunod-sunod. At kaya kami'y umaasa na makapagsimula doon kaagad, at pagkatapos patungo doon sa La Salle Lorraine, Pransya, susunod, pagkatapos doon sa Berlin, babalik . . . ibig kong sabihin, Berlin sa pagitan niyan at—at Pransya.

⁴ Pagkatapos kami ay babalik, kalooban ng Panginoon, sa isang kombensiyon sa Chicago. Magsisimula, palagay ko, sa ika-lima, ika-anim, ika-pito, ika-walo, at ika-siyam, ay aking bahagi sa Chicago, ng kombensiyon doon sa—sa iglesia ng Swedis. At pagkatapos sila'y, si G. Boze, ang ilan sa inyo sa palibot ng Chicago, sila ay mayroong isang kombensiyon na darating nitong susunod . . . simula sa uno ng Agosto, o uno ng Setyembre, ito nga, sa Sweden. At ako'y labis na nagagalak na malaman na ang kanilang boto para sa akin, upang pumaroon, at iyon ay pangkalahatan at isang-daang porsiyento. Ako ay nagagalak diyan, ngunit ako alinman ay kailangang pumaroon o pumarito ngayon. Manalangin kayo na ang Panginoon ay pangunahan ako ng eksakto lamang doon sa lugar kung saan mas maraming mga

kaluluwa ang maliligtas, at ang pinakamainam ang maganap para sa Kaharian ng Diyos. Ngayon, sila'y nagkakaroon ng isang kombensiyon sa dako roon, at—at sila sa Sweden, at sinabi niya na kami'y magkakaroon ng dalawampu't-lima, tatlumpu't-limang libong katao sa pagsisimula, doon sa kombensiyon, at marami sa kanila ay mga taong hindi pa ligtas.

⁵ At pagkatapos banda rito sa Alemanya, buveno, sila ay mayroong istadyum na naglalaman ng walumpung libo. Siyempre, kami, sa Switzerland kung saan kaaalis lamang namin, kami ay nagkaroon ng kahanga-hangang pagtitipon doon, at marami sa inyo marahil ay hindi pa narinig iyon. Ang Panginoon ay pinagpala kami ng lubos, nagkaroon ng limampung-libo na mga kombertido sa loob ng limang gabi, sa—sa Zurich, Switzerland.

⁶ At kaya, si Kapatid na Jack Shuler, marami sa inyo ay kilala siya, siya'y Metodista, anak na lalaki ng matandang si Bob Shuler. Sila'y nasa Belfast ngayon, at—at sinasabi nila na sadyang pinukaw nila ng husto ang lugar, sa dako roon, para sa Ebanghelyo, at higit pang dakila kaysa kung ano ang mayroon si Billy Graham sa kaniyang pagtitipon. Si Jack ay isang napakainam na batang lalaki, puspos ng sikap at pag-ibig. At siya—siya ay napaka-tapat dito hanggang sa ako ay naniniwala na siya'y isang dakilang lingkod ng Panginoon. At manalangin para kay Kapatid na Shuler. At—at si Jack Shuler, at si Jack MacArthur ay kasama rin niya. Si Kapatid na Jack MacArthur ay isang dakilang mangangaral, din. At mayroon doon ang mga taong-palasimba ay nagsabi ng iyu'y ang pinaka malaking rebaybal na dumating sa Ireland kailanman. Kaya kami'y labis. . . Dumako sa pananalangin araw-araw para sa mga iyon—para sa mga lalaking iyon. Sila'y kapwa mga kabataang lalaki, nasa, mga apatnapu, palagay ko, o mas-mababa, mga pamilya at iba pa, at mainam purong mga tagapagturo ng Ebanghelyo, at mahal namin sila.

⁷ At ngayon, ako—dalangin ko na hindi ninyo ako kalilimutan, na, at pahihintulutan ako ng Diyos na gumawa ng tamang desisyon mismo ngayon. Mayroong mga panahon kung saan hindi ninyo alam kung saang daan kayo babaling. Nanggaling na ba kayo sa mga lugar na iyon? Naniniwala akong si Pablo ay nakarating sa dakong iyan minsan, hindi ba? Ito ay sa pagitan ng dalawang makipot. At habang siya ay nagtutungo, aba, nakakita siya ng isang anghel sa isang pangitain na nagsabi sa kaniya, “Pumunta ka sa Macedonia.” Kaya ang Panginoon ay mayroon pa rin ng mga Anghel Niya, hindi ba mayro'n Siya? Kung ako ay magigig kasing mapagpakumbaba sa aking puso tungkol dito gaya ni Pablo noon.

⁸ At ngayon, mamayang gabi, alalahanin ang mga gawaing Ebanghelyo dito sa tabernakulo, lahat ay pumarito. Kayo sa palibot ng Louisville, ako'y mangungusap sa Church of the Open

Door mamayang gabi, ng mga ilang oras, sa ika-pito at kalahati hanggang ika-siyam at kalahati, doon kina Kapatid na Cobbles. Ako ay magtutungo ng dalawang ulit dito. At sa gayon siya'y isang napakabuting lalaki, at siya ay tumawag. At si Kapatid na Cobbles, siya'y isang napakainam na ginoo, kapatid. Kayo, tiyak ako na kilala n'yo, napakainam na kapatid, at talagang napakahirap tanggihan ang katulad niya. Manalangin. Higit sa lahat ng bagay, manalangin, at manalangin na ibigay sa atin ng Diyos ang—ang tamang desisyon upang gawin.

⁹ Ngayon, bago natin simulan ang Ebanghelyong Mensahe, mayroon tayong umaga na mag-hahandog tayo ng mga munting bata. At mayroon akong isang munting bata rito upang ihandog, din, sa Panginoon. Ngayon, maraming pagkakataon sa maraming iglesya . . .

Naririnig ba ninyo ng maayos, sa pinaka-likod? Kung naririnig n'yo, ito ba ay maayos? Ang mga bentilador dito, ako lamang, hindi ninyo mismo marinig. Hindi, iyan, iya'y walang anuman. Ako'y nangangambang ako'y mamamatay pag wala iyan.

¹⁰ Kaya ang—ang mga mumunting bata, minsan winiwisikan nila sila, sa simbahan, nang sila'y mga mumunting maliliit na sanggol. At, siyempre, iyan ay nagmula sa iglesya Katoliko, sa pagbibinyag sa mumunting mga bata, o “binabautismuhan” gaya ng pagtawag nila nang sila'y mumunting mga bata pa lamang. Ang iglesya Metodista ay dinala ito, ang pagbautismo ng sanggol, at marami pa, at palagay ko ay mga ilan pa. Palagay ko iyan ang kaibahan sa pagitan ng Nazarene at ng sina-unang Metodista, ay ang pagbautismo ng sanggol, at pagkatapos munting mga pagkakaiba at iba pa. Ngunit, anomang paraan, ito ay hindi, palagay ko ito ay hindi gaanong mahalaga. Dahil, gayon pa man, palagay ko ang Kalbaryo ay inalis ang bagay na iyon, doon mismo, ang lahat nito, 'pagkat si Jesus ay namatay doon upang iligtas ang mumunting mga bata at iligtas ang sanglibutan.

¹¹ At ang isang munting bata, maging ano mang uri ng magulang mayroon ito, gaano mang makasalanan, iya'y walang anumang pagkakaiba, pagka't ang Dugo ni Jesus Cristo ang lumilinis sa kaniya, kita n'yo, at ito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanglibutan. Ang sanggol na iyan ay hindi makapagsisi. Hindi nito alam kung papaano ang magsisi. Ito ay walang mga dahilan ng pagiging narito, sa sarili nito. Hindi nito masasabi sa inyo kung bakit ito naririto. Ngunit ipinadala ito ng Diyos dito, at ang Dugo ni Jesus Cristo ang luminis nito sa sandaling ito'y pumarito sa sanglibutan. At ito'y hanggang sa ito'y umabot sa edad ng pananagutan, kung gayon nalalaman nito ang tama at mali, at pagkatapos ano man ang gawin nito ito'y dapat na magsisi para sa kung ano ang nalalaman nito na ito'y nakagawa ng mali. Iya'y tama. Kaya, ilan sa kanila ay

winiwisikan sila, at inaakala na sila ay hindi makakaparoon sa Langit.

¹² At mayroong isang katuruan na nagsasabing kung ang sanggol ay ipinanganak ng isang magulang na puspos ng Espiritu Santo, buweno, ang sanggol ay paroroon sa Langit; ngunit, kung ito'y hindi, wala ng anoman tungkol dito, ang sanggol sadyang wala na. Iya'y ganap na isang kamalian. Ano ang kaibahan nito kung ito man ay isang magulang na puspos ng Espiritu Santo? Ito lahat ay pagnanasa sa isang pagtatalik, at ang sanggol ay ipinanganak sa gayon ding paraan. Kaya, ito lahat ay "ipinanganak sa kasalanan, inanyuhan sa kasamaan, pumarito sa sanglibutan nangungusap ng mga kasinungalingan." Iyan, iya'y ang Pangkasulatang termino para dito.

¹³ Kaya, at pagkatapos ang Dugo ni Jesus Cristo ang lumilinis at gumagawa ng isang pagtutubos para sa batang iyan. Kung ito ay mamatay, siya'y ganap na paroroon mismo sa Presensiya ng Diyos, kung ito ay ipinanganak mula sa pinaka-makasalanang mga magulang sa sanglibutan, hanggang sa ito'y nasa edad ng pananagutan kung saan nalalaman nito ang tama at mali. At kung gayon ano man ang gawin nito, mula doon, ito'y dapat na mapatawad para diyan. Ito'y dapat na humingi ng sarili nitong pagsisisi mula roon. Ngunit habang ito'y isang sanggol. . .

¹⁴ Ngayon, ang paraan na sinisikap natin upang masunod, dito sa tabernakulo. Ang tanging lugar sa mundo na aking pinupuntahan, nangangaral ako ng Doktrina, ay dito sa tabernakulo, sapagka't ito ang ating iglesya. At ating ipinapangaral ang Doktrina dito upang panatilihin ang mga tao na nakaayos. Ibang mga tao, sa kanilang mga iglesia, ipinapangaral nila anoman ang kanilang paniniwala. At sila'y aking mga kapatid, at tayo ay maaaring magkakaiba ng kaunti, ngunit tayo'y magkakapatid pa rin sa gayon. At, ngunit dito sa tabernakulo, ipinapangaral natin ang inaakala natin na Doktrinang ayon sa Kasulatan. At, doon, nakikita natin ang para sa pag-aalay ng mga bata, na tinatawag nating isang pag-aalay, ang tanging pagkakataon sa Bibliya na makikita natin, o kung saan sa Bagong Tipan na kung saan ang mga munting bata ay may anomang bagay na ginawa, o si Cristo ay may anomang bagay na ginawa hinggil dito sa isang seremonya, ay, binuhat Niya sila sa Kanyang mga bisig at ipinatong ang Kaniyang mga kamay sa kanila at binasbasan sila, at sinabi, "Pabayanan ninyo ang mga maliliit na bata na lumapit sa Akin. Huwag ninyo silang pagbawalan, sapagka't sa gayon nauukol ang Kaharian ng Diyos."

¹⁵ Ngayon, tayo ay naiwan, gaya ng ating pagkakaunawa, upang ipagpatuloy ang gawain na Kaniyang ipinarito upang—upang ganapin. Ang Kaniyang kamatayan sa Kalbaryo, Siya ay suma atin noon at Siya ay lumisan. . . nagmula sa Diyos,

patungo sa sanglibutan, nagbalik mula sa Diyos, o mula sa sanglibutan tungo sa Diyos, at naparito muli sa anyo ng Banal na Espiritu, at ngayon ay kasama natin, nasa atin, hanggang sa wakas ng sanglibutan, ipinagpapatuloy sa Kaniyang Iglesya ang gayon ding gawa na Kaniyang ginawa nang Siya ay narito sa lupa. At, sa pamamagitan niyan, dinadala natin ang ating mga anak sa isa't isa, sa mga ministro, at ipinapanalangin nila sila, ipinapatong ang kanilang mga kamay sa kanila at inihahandog sila sa Diyos. Isa lamang munting seremonya para sabihin na pinapasalamatan natin kung ano ang ginawa ng Panginoon para sa atin at sa maliliit na bata.

¹⁶ Ngayon, kung ang munti ninyong anak ay winisikan na, o sa anomang paraan ito sa inyong simbahan, isipin. Hindi kami nagsasabing isa mang bagay laban diyan. Iya'y walang anoman. Ngunit, ayon sa Kasulatan, matatagpuan lamang natin ang isang dako, iya'y kung saan si Jesus ay pinagpala sila, Siya Mismo. Na babasahin ko, kalooban ng Panginoon, sa—sa Salita rito. Makikita natin, sa San Lucas ang. . . naniniwala ako ito'y ang—ang ika-10 kabanata, at simula sa ika-13 talata.

At dinadala nila sa kaniya ang maliliit na bata, upang sila'y kaniyang hipuin: at sinaway sila ng mga alagad.

Datapuwa't nang ito'y makita ni Jesus, ay nagdalang galit siya, at sinabi sa kanila, Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata, huwag ninyo silang pagbawalan: sapagka't sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Dios.

Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sinomang hindi tumanggap ng kaharian ng Diyos na tulad sa isang maliit na bata, ay hindi siya papasok doon sa anomang paraan.

At kinalong niya sila, at sila'y pinagpala, na ipinapatong ang kaniyang mga kamay sa kanila.

¹⁷ Iya'y kaibig-ibig? Sinabi Niya, “Ngayon, pabayaan ninyong magsilapit sa Akin ang maliliit na bata. Huwag ninyo silang pagbawalan, sapagka't sa mga ganito, sa mga katulad niyan na maliliit na bata, nauukol ang Kaharian ng Diyos.” At kinalong Niya sila sa Kanyang mga bisig at pinagpala sila.

¹⁸ Ngayon, gustong-gusto natin, sa umagang ito, kung makakasama natin na nakaupo si Jesus, na personal, dito sa entablado, sabihing, “Panginoon, maaari Mo bang pagpalain ang aking anak?” Oh, anong isang. . . pagkat ang ating mga matang pantao at ang ating mga puso ay nag-aasam na makita iyan. Ngunit Siya'y narito, gayon pa man, sapagka't binigay Niya sa atin ang utos na gawin ito. At, gaya ng nagawa na natin, kaya Kaniyang kinikilala. Tinatanggap natin ang mga isinugo Niya, tinanggap Siya na nagsugo sa kaniya, nakita ninyo. Kaya, Siya'y narito sa umagang ito. At kung si Kapatid

na Gertie ay paparoon sa piano at tugtugin ang luma nating awitin na nakagawian nating awitin matagal nang panahon, itong, “Dalhin sila papasok, dalhin ang mga maliliit kay Jesus.” Naniniwala ako ito’y nasa libro doon kung saan. Hindi ako tiyak. “Dalhin ang mga maliliit kay Jesus.” At kung kayo’y mayroong sanggol, isang maliit na sanggol na hindi pa naihandog, at nais ninyong ihandog ito ngayong umaga, aba, kami ay malulugod na gawin ito.

¹⁹ At mayroon bang mga ministro sa loob ng gusali, mga mangangaral na nagnanais na lumapit at tumayong kasama namin dito habang inihahandog natin ang mga batang ito sa Panginoon? Kami’y malulugod na makasama kayo, sa inyong pagparito. O sige, ito ba’y nariyan sa libro? Nakita mo ba ito, Kapatid na Neville? Iyan ay wala rian. O sige, ilan ang nakakaalam niyan, *Dalhin Sila Papasok?* O sige, awitin natin ito ngayon. Lahat sama-sama, habang dinadala ng mga ina ang kanilang mga sanggol. O sige. O sige.

. . .sila papasok, dalhin sila papasok,
Dalhin sila papasok mula sa parang ng kasalanan;
Dalhin sila papasok, dalhin sila papasok,
Dalhin ang mga naliligaw kay Jesus.
Dalhin sila papasok, dalhin sila papasok,
Dalhin sila papasok mula sa parang ng kasalanan;
Dalhin sila papasok, dalhin sila papasok,
Dalhin ang mga maliliit kay Jesus.

²⁰ Maaari ba nating iyuko ang ating mga ulo panandali. Ama naming Sumasalangit, nakatayo sa palibot ng altar ngayong umaga ang mga ina at mga ama na hinahawakan ang kanilang mga maliliit na supling sa kanilang mga bisig, na Iyong mabiyayang ipinagkaloob sa kanila. Sila’y labis na nagpapasalamat para sa kanila, Panginoon, at kanilang dinadala sila dito sa altar ngayong umaga, sa tahanan ng Diyos, upang ihandog sila, ibigay ang kanilang mga buhay sa Iyo. Na Iyong ibinigay. At dalangin namin, Diyos, na Iyong palakihin at pagpalain ang bawat isa sa kanila. Pangunahan sila, at nawa ang mga tagapagbantay na Anghel ng Diyos ay magmatyag sa bawat isa. Bigyan sila ng mahabang buhay ng kagalakan at kaligayahan. Nawa’y magsilaki sila upang maging lalaki at mga babae ng Diyos, ng bukas, kung mayroon pang bukas.

²¹ Diyos, dalangin namin na Ika’y magbangon ng mga mangangaral at mga propeta at mga guro mula sa grupong ito ng mga sanggol na nasa palibot ng altar ngayong umaga. At kapag kami’y matatanda na at hindi na makalayo pa, mayroong aakay sa amin mula sa lugar tungo sa isang lugar, nawa ay magawa naming tumindig at pakinggan ang Ebanghelyo na naipangaral ng mga ito na narito ngayon. Ipagkaloob ito, Panginoon. At isang

maluwalhating araw kapag ang lahat ay naganap na, ang aming mga buhay ay tapos na, ang mga magulang na ito sa palibot ng altar, nawa kami ay maging katulad ni Jacob ng una nang kaniyang pinagpala ang lahat ng kaniyang mga anak at sinabi sa kanila kung ano ang kanilang magiging wakas sa huling araw. Pagkatapos tumingala, nagsabi, “Alam ninyo, ako’y maititipon kasama ng aking bayan.” At isang maluwalhating araw, siya at lahat ng kaniyang mga supling, ay titipuning sama-sama sa mas mainam na lupain. Hindi kataka-taka na si Balaam ay nagsabi, “Nawa’y maging katulad sa kaniya ang aking wakas.” Diyos, dalangin ko na Iyong ipagkaloob ang mga pagpapalang ito sa mga magulang.

²² At ngayon habang kami’y dumadako sa pagpapatong ng mga kamay sa kanila, anong—anong kahanga-hanga... At gaano kapakumbaba sa Iyong ginawa ito, Panginoon, na kaming kalalakihan ng lupang ito ay magkaroon ng prebilehiyo na magpala ng maliliit na bata sa Iyong Pangalan, na nalalaman ito, na, anomang aming hiniling, ay naipagkaloob sa amin. Sa aming pagtungo upang pagpalain sila, nawa si Jesus, ang tanging hindi nakikitang Persona, ang Isang makapangyarihan sa lahat ay lumapit at pagpalain bawat bata habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kanila at ialay sila sa Kaniya. Sapagka’t hinihiling namin ito sa Kaniyang Pangalan. Amen.

²³ Si Kapatid na lalaking Glenn Funk, dala niya ang kaniyang tatlong maliliit na anak upang maihandog sa Panginoon.

[Blankong bahagi sa teyp. Si Kapatid na Branham ay inihandog ang mga sanggol—Pat.]

...isang—isang maliit na silid, doon sa hilagang lupain, Iyong ipinangako ang batang ito sa akin. Ama, nawa ang Iyong mga pagpapala ay sumakaniya kaniya.

Joseph, aking anak, ipinagkakaloob kita sa Diyos. At nawa ang iyong buhay ay maging pagpapala. Nawa ikaw ay maging isang propeta, Joseph. Nawa ang biyaya ng Diyos ay sumaiyo. Nawa ang Diyos ng iyong ama, ang Panginoong Jesus Cristo, ay lubos kang pagpalain, gawing pagpapala ang iyong buhay sa iba.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinagpapala ko siya. Amen.

[Blankong bahagi sa teyp. Si Kapatid na Branham ay inihandog ang mga sanggol—Pat.]

²⁴ Iniibig n’yo ba ang mga mumunting bata? May bagay tungkol sa maliliit na mga bata na ang bawat ina ay nagnanais na ang kaniyang anak ay pagpalain.

Ngayon, iyan ang gawi ng ating Makalangit na Ama sa ating mga matatanda sa umagang ito. Nais Niya na ang bawat isa sa atin ay mapagpala. Iniharap Niya tayo sa harapan ng bagay, inabot lamang ito sa atin, na sinasabi, “Narito, nais Ko na

ikaw ay mapagpala, anak Ko.” Hindi ba Siya’y kahanga-hanga? Upang mapasalamatan natin ang isang mabuting Makalangit na Ama tulad niyan.

²⁵ Ngayon, sa pagpapala ng mga munting sanggol, alam n’yo, binabasa ko lamang dito sa Kasulatan noong isang araw, sa dako rito kung saan, ito ay sa Lumang Tipan, na isang— isang dakilang bagay na aking—tunay kong hinahangaan upang basahin. Narito, dito mismo. “At sinabi ni Nathaniel kay David, ‘Gawin mo kung ano ang nasa iyong puso, sapagkat ang Diyos ay sumasaiyo.’” Kita n’yo? Gawin mo ang mga nasa iyong puso. At sa maraming pagkakataon aking—nasumpungan ko ito, kaibigang Cristiyano, na ako ay nakapangusap ng mga bagay na hindi ko nalalaman kung ano ang sasabihin ko, at nasumpungan na ito ay mangyayari. Kung ang iyong sasabihin!

²⁶ Nasabi ito minsan, si Jesus ay bumaba mula sa bundok at nakakita Siya ng isang puno na walang anomang naroon, tanging mga dahon lamang, at wala anumang bunga, at sinabi Niya, “Walang sinomang tao na kakain sa iyo mula ngayon.”

²⁷ At nang sumunod na araw, sa pagdaraan, nakita ng mga apostol na ang mga dahon ay natuyo. Sinabi niya, “Narito kay daling natuyo ng puno.”

²⁸ Sinabi ni Jesus, “Manampalataya sa Diyos, sapagka’t anomang bagay na inyong hangarin, kapag kayo’y nanalangin, manampalataya na natanggap n’yo ito. At anomang mga bagay na sabihin n’yo, inyong makakamtan ano man ang sabihin ninyo.” Isipin iyan. Oh! At marahil ngayon, ang dakilang Banal na Espiritu ng Diyos, nakatayo rito sa may altar, sasabihin ninyo. . . Buweno, ito ay hindi na kailangan pang dekorasyonan. Hindi ito kailangan pang maging isang dakila’t magarang lugar.

²⁹ Si Jacob humatak ng isang bato minsan at idinantay ang kaniyang ulo doon, at iyo’y kinikilala pa rin ngayon na isang Bato ng Scone. Kaya’y, Bato ng Scone, na ang mga dakilang tao ng lupa ay tinataglay pa rin ang batong yaon palibot, para sa mga hari upang ma-inagurasyon sa ibabaw ng batong ito, isa lamang karaniwang lumang bato na nakalapag sa isang bukirin.

Ang Bethel ay isa lamang bunton ng mga batong nakapatong sa isa’t-isa, at ito’y naging tahanan ng Diyos, ang dakong panahanan. Sinabi ni Jacob, “Ito’y hindi ibang lugar kundi ang tahanan ng Diyos.” Isa lamang bunton ng mga batong nakapatong sa isa’t-isa.

³⁰ Hindi na kailangan pa ng dakila’t magarang mga bagay. Kinakailangan nito ang kasimplehan at panampalataya upang manampalataya, ang siyang kinakailangan. Iyan ang gagawa nito.

³¹ Ngayon, yamang nalalaman na ang panahon ay kaagad lilipas, sisikapin nating huwag kayong mapanatiling matagal,

yamang nakalalamang ito'y na napakainit at ang simbahan ay punong-puno. Kaya ako'y mangungusap sa ilang sandali lamang ngayong umaga, sa isang munting paksa dito na maaaring . . . nagtitiwala ako na ito'y magiging tulong sa inyo. At ngayon ako, bago umalis ng bahay, sumulat ako ng tatlo o apat na munting mga bagay. Sinabi ko, "Maghihintay ako at titingnan kung ano ang nais ng Panginoon na ipangusap ko kapag ako ay dumating doon." Sumulat ako ng mga anim na munting mga bagay dito, munting mga paksa, at sumulat ako ng isa, inilagay ito sa aking bulsa tulad nito. Naisip ko, "Buweno, kapag ako ay dumating sa pulpito marahil magsasabi Siya sa akin ng isang bagay upang ipangusap." Ngayon ako'y kasing layo na gaya ng ako ay naroon. Kaya, gayon pa man, ako'y babasa ng isang Kasulatan dito, ang Panginoon ay tulungan tayo upang maunawaan Ito. Ang ika-14 na kabanata ng San Lucas, at tayo'y magsimula sa mga tatlumpu- . . . ika-31 talata ng ika-14 na kabanata ng San Lucas.

O aling hari, na kung sasalubong sa pakikidigma sa ibang hari, ay hindi muna uupo, at sasangguni kung makahahanap siya na may sangpung libo sa dumarating na laban sa kaniya na may dalawampung libo?

O kung hindi, samantalang siya ay alinman . . . malayo pa ang isa, ay magsusugo siya kaagad ng isang sugo, at hihilingin ang mga kailangan sa pagkakasundo.

Kaya nga, sinuman sa inyo . . .

³² Nais kong pansinin ninyong maigi. Ngayon, una sinabi Niya . . . Ito'y isang talinghaga. Sinabi Niya, "Ngayon, mayroong isang hari na parating, at siya'y mayroong dalawampung libong kawal; at ang haring ito ay katatagpuin siya, at siya'y mayroon lamang sampung libong kawal. Kaya kung gayon, ang una, siya ay uupo at nagtatanong kung siya'y handa, kung kaniya ngang magagawa ito o hindi." Tama.

. . . sa inyo na hindi tumanggi sa lahat niyang tinatangkilik, ay di maaaring maging alagad ko. (Kita n'yo?)

³³ Ngayon nawa'y ilakip ng Panginoon ang Kaniyang pagpapala sa Salitang ito. Ngayon maaari bang iyuko natin ang ating mga ulo panandali.

³⁴ Ama naming Makalangit, Ikaw Na nakakaalam ng lahat ng mga bagay, at hindi nagtatangi ng katauhan ng tao, sapagkat ano ang tao upang Iyong alalahanin siya? Ginawa Mo ang tao, at siya'y tulad lamang ng bulaklak ng bukid: ngayon siya'y maganda, bukas siya'y puputulin, igagatong sa pugon, at siya ay mapapawi. At dumadalangin ako sa Iyo, Diyos, na maging mahabagin sa amin ngayon at hayaan na ang bawat isa ay magsiyasat ngayon. Kami ay narito gaya ng sa tahanan ng pagtutuwid. Kami'y narito upang matuto at alamin kung papaano mamuhay, at hayaang manggaling ito mula sa Iyong

Salita ngayon, O Walang Hanggang Diyos. Marami sa Iyong mga na anak ay nangagkakatiyon sa loob, at marami sa kanila ay Iyong mga anak sa maraming taon, ngunit, gaya niyan, kaming lahat ay bumabalik sa tahanan ng Diyos, upang matuto, upang makaalam. At ako, ang Iyong lingkod, ay naghahangad na makaalam pa ng higit tungkol sa Iyo. At dalangin ko na Iyong ipadala ang inspirasyon ng Ebanghelyo sa aming lahat, sa Iyong lingkod, at upang ang Iyong Presensiya, at pasiglahin kami sa buong gusaling ito, ay magiging dakila ngayon, na kami'y lilisan, sa aming puso, naghahangad na maging mas mabuting mga lingkod Mo, na ito'y magiging kapaki-pakinabang para sa amin ang maparito. O mahabaging Diyos, ipagkaloob ang mga pagpapalang ito sa Pangalan ni Jesus, ang Iyong Anak. Amen.

³⁵ Ngayon nawa'y ilakip ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa Salita sa ating pagbasa. Nais kong kumuha ng isang teksto sa umagang ito, na, "Mga Espiritung mapanghikayat o ang Salita ng Diyos?" Ngayon, tila kakaibang paksa, ngunit bilang ito'y nasa tabernakulo... At noong nakaraang gabi ng Miyerkules... Noong nakaraang umaga ng Linggo ako ay nangungusap sa isang—isang munting jubileo ng Ebanghelyo.

³⁶ At noong nakaraang gabi ng Miyerkules ako ay nangangaral tungkol sa babae na mayroong—mayroong tableta sa kaniyang ulo, o ang... Nawala niya ang isa sa kaniyang mga piraso ng barya, at kaniyang winawalis ang bahay at nagsisikap na hanapin ito bago dumating ang kaniyang asawa. At nasumpungan iyan na ang babaeng iyon ay isang uri ng babaeng taga-silangan, at siya... at kumakatawan sa Iglesya. At ang pangkasal na buklod dati ay hindi isinusuot sa daliri. Ito ay isinusuot sa ulo, na may siyam na pirasong mga pilak doon. At kapag ang isang babae ay naging isang prostityut, inaalis nila ang isang piraso ng pilak at nagpapakita na siya ay isang prostityut. At kaya ang babaeng ito ay naiwala ang isa sa mga piraso, hindi isang prostityut. Ngunit ang kaniyang asawa ay nasa malayo, at siya ay nagsisikap na makitang kaagad ang pirasong iyon, upang ibalik iyon sa kaniyang tableta, sapagkat kapag ang kaniyang asawa ay dumating malalaman niya na siya ay nahuli sa prostitusyon, at iyon ay mangangahulugan ng pagkasira ng tahanan at iba pa. At ipinatungkol ko iyan sa ilang sandali sa iglesya, naiwala ang marami sa mga dakilang bagay. At ito'y panahon na para sa Ama upang dumating, kaya kailangan nating hanapin ang mga iyon. Ngayon, yamang nalalaman sa ating iglesya, at ating tabernakulo... .

³⁷ At ako—nais kong mangusap sa *Mga Espiritung Mapanghikayat*, na ito sana ay talagang pamamagatang *Demonolohiya*. Palagi ninyong naririnig ang tungkol sa mga demonyo, sa mga araw na ito, ngunit bibihira ninyong marinig kung papaano malayuan ito. Tayong lahat ay—ay tunay na

nakakaalam na may mga diablo, ngunit, ang susunod na bagay ay, papaano makakalayo sa bagay na iyan. At ngayon mayroong. . . Sa pagkakaroon, sa biyaya ng Diyos, ng maraming pagkakataon upang tumalakay sa mga bagay na ito na tinatawag na mga demonyo, at nakakatagpo sila sa entablado at sa pang-araw-araw na lakad, at, bakit, nais kong tumingin sa Kasulatan sa umagang ito at alamin kung sadyang ano ang mga bagay na iyon.

³⁸ Ngayon, ipinatungkol na natin ito sa gawaing pagpapagaling, palagi sa panig ng pagpapagaling. Kanser, tumor, katarata, tuberkulosis, lahat ng mga bagay na iyon ay hindi mga bagay na natural, sila ay supernatural at mga demonyo. Ang Kasulatan ay malinaw na pinatutunayan iyan. Ngunit iyan ay mga demonyo sa katawan, sa mga tumutubo, tulad ng kanser, may buhay sa loob nito, at ang buhay niyan ay isang demonyo. Ang Pagtubo ng isang katarata, ang pagkalat ng tuberkulosis, at iba pang mga karamdaman, iya'y mga demonyo. Iya'y sa pisikal na anyo.

³⁹ Ngayon, ngayong umaga tayo'y mangungusap—mangungusap tungkol sa mga demonyo sa espirituwal na anyo sa kaluluwa. Sila'y nasa kaluluwa gaya rin na sila'y nasa katawan. At nararapat nating aminin na nakikita natin sila sa katawan ng mga tao, gaya ng mga kanser at—at iba't-ibang mga karamdaman na nasa katawan ng tao.

⁴⁰ Kamakailan lamang, maging ang kanser ay naipahayag na isang ikaapat na dimensiyon na karamdaman, na ito'y nasa ibang dimensiyon. Tiyak, ito'y demonolohiya. Bawat karamdaman ay isang ikaapat na dimensiyon na karamdaman, ang pasimula nito.

⁴¹ Ngayon, ngunit ngayon ang kanser sa katawan o kanser sa kaluluwa, ang demonyo ay makakapasok sa alinmang dako. Ngayon, may maraming mga pagkakataon at maraming mga tao na may mabuting pag-iisip na. . . at mabubuting mga tao na sumubok ng maraming pagkakataon upang—upang sumandig sa ilang munting teolohiya na mayroon sila, o bagay na naituro sa kanila mula pagkabata, at gayon pa man ay masumpungan na doon sa kanilang pagkatao, doon sa kanilang kaluluwa, na sila ay mayroon pa ring bagay na hindi tama. Kayo, marami ay naririto ngayong umaga, walang pagdududa saan man kayo makakita ng mga Cristiyano na nagkatipon sama-sama, masusumpungan ninyo ang mga tao na taglay ang gayong mga espiritu sa kanila, na sila. . . Ito'y di-kanaisnais. Hindi nila sila gusto. Sinasabi nila, “Oh, kung matitigilan ko lamang ang pagsisinungaling! Kung matitigilan ko lamang ang masamang pagnanasa! Kung matitigilan ko lamang *ito o iyan!*” Ngayon, iyan ay mga diablo. At, ngayon, sila ay dumarating sa anyo ng relihiyon, sa maraming pagkakataon. (Yamang ito'y Panglingguhang pag-aaral, ito'y panahon ng pagtuturo, kaya

tayo'y tumingin dito.) Ngayon, sila ay dumarating sa anyo ng relihiyon, sa maraming pagkakataon.

⁴² Ngayon, sa Kasulatan, minsan, mayroong isang lalaki sa pangalang Jehoshapat, isang dakilang lalaki, isang relihiyosong lalaki. At siya ay nagtungo sa isang hari na siyang hari ng—ng Israel. At siya, si Jehoshapat, bilang hari ng Judah. At nagtungo siya kay Ahab, ang hari ng Israel, at silang lahat ay nagbuklod ng sama-sama, at gumawa ng isang pag-aanib sa isa't-isa, upang makipaglaban doon sa Ramoth Galaad. At ginawa nila iyon ng hindi nananalangin muna.

⁴³ Oh, kung mapagtatanto lamang sana ng mga tao! Iya'y kung bakit naparito ako ngayong umaga at hiniling sa inyo na alalahanin ako sa pagtungo ko sa ibang bansa. Sa lahat ng bagay, manalangin!

Mayroong dumating noong isang araw at nagsabi, “Kapatid na Branham, sa palagay mo ba ay mali ang gumawa ng isang bagay?”

⁴⁴ Sinabi ko, “Bakit ka nagtatanong tungkol diyan?” Kita n'yo? Kung mayroong katanungan sa inyong isipan, ay pabayaan ito, huwag nang gawin pa ito. Manatili lamang diyan. Kapag kayo ay nagsimulang gumawa ng anomang bagay, at kung ito'y isang katanungan maging ito'y tama o mali, layuan iyan. Huwag nang tumungo pa doon, kung gayon alam ninyong kayo'y tama.

⁴⁵ Ngayon, lahat ng mga bagay ay dapat na maipanalangin maigi, muna. “Hanapin muna ninyo ang Kaharian ng Diyos at ang Kaniyang katuwiran, at ang lahat ng iba mga bagay na ito ay pawang idaragdag.” Ako ay tiyak na positibo ngayong umaga, kung ang mga kalalakihan at kababaihan ay makararating lamang tungo sa posisyon kung saan ang kanilang kaluluwa, ang kanilang pag-iisip, ang kanilang pag-uugali, ay magiging sakdal sa paningin ng Diyos, ay magiging isa sa mga pinaka makapangyarihang iglesya na umiral.

⁴⁶ Tumingin lamang ng ilang sandali sa pisikal. Ngayon, tayo ay, mayroon, sa maraming pagkakataon, mayroon sa maraming taon, mayroon tayo ng tinatawag nating “lie detector.” Mailalagay mo ito sa iyong pulso, ilalagay ito sa kanilang—kanilang ulo, at ikaw ay makatungo roon at sikapin mong maigi upang gawin ang kasinungalingan na para bang ito ay tulad ng katotohanan, at ito'y magtatala ng negatibo sa bawat pagkakataon, dahil ang tao ay hindi ginawa upang magsinungaling. Ang pagsisinungaling ay isang mapanglinlang, mahirap na bagay, masamang bagay. Mas nais ko pang makasama ang isang lasenggo, ano mang araw, kaysa sa isang sinungaling. Kita n'yo? Isang sinungaling! At ang inyong katawan ay hindi ginawa para magsinungaling. Gaano ka man makasalanang, ikaw pa rin ay isang nahulog na anak ng Diyos. Ang pinaka makasalanang tao sa siyudad na ito ngayon,

hindi ginusto ng Diyos na kayo ay maging napakasama. Nais Niya na kayo ay maging isang anak na lalaki o isang anak na babae Niya. Kayo'y ginawa sa Kaniyang Sariling wangis. Ngunit ang kasalanan ang nagdulot sa inyo na gawin iyan. At gaano man ninyo sikapin na gayahin at sikapin na gawin ang isang kasinungalingan na para bang tama, mayroon silang isang maka-siyentipikong instrumento na nagpapatunay na iyan ay mali. Masasabi ninyo ito na may buong kainosentehan na nais ninyo, ngunit ito pa rin ay magtatala ng negatibo; dahil mayroong ikalawang kamalayan doon sa kaibuturan ng tao, at iyang ikalawang kamalayan na iyan ay nalalaman kung ano ang katotohanan. At maging ano man ang inyong sinasabi dito sa labas, iyang ikalawang kamalayan na iyan ay nalalaman na iyon ay isang kasinungalingan, at ito'y hindi magtatala sa ikalawang kamalayan.

⁴⁷ Kaya nga, kung ang isang lalaki o babae ay magagawa lamang na ang kanilang mga kaisipan, at ang kanilang patotoo at kanilang mga buhay ay lubos na nakaayon sa Diyos (amen) hanggang sa ang daluyan ng Banal na Espiritu ay maging sakdal na iisa sa Diyos, ano ang mangyayari! Kung ang lalaki at babae ay magagawa lamang umayon, kung saan taglay ang kalayaan mula sa kanilang puso, na may pananampalataya mula sa kaloob-looban!

⁴⁸ Maraming mga tao ay pumaparito sa altar upang maipanalangin, sila ay mayroong pananampalatayang intelektuwal. Ipinahahayag nila ang kanilang mga kasalanan at umaanib sa isang iglesya, sa pamamagitan ng pananampalatayang intelektuwal. Pinaniniwalaan nila ito sa kanilang—kanilang isipan. Pinaniniwalaan nila ito dahil narinig nila ito. Pinaniniwalaan nila ito dahil alam nila na ito ay ang pinakamainam na patakaran. Ngunit hindi iyan ang tinitingnan ng Diyos. Hindi Siya tumitingin sa inyong pananampalatayang intelektuwal.

⁴⁹ Siya ay tumitingin sa puso, kung saan sa loob ang Diyos. . . At kapag ito ay nagmumula sa puso, ang lahat ng bagay ay posible kung gayon. Ang inyong pahayag ay sumasang-ayon sa inyong buhay. Ang inyong buhay ay nangungusap na kasing lakas ng inyong pagpapahayag.

⁵⁰ Ngunit kapag ang inyong pahayag ay nagsasabi ng isang bagay, at ang inyong buhay ay iba ang ipinamumuhay, mayroong bagay na mali kung saan. Iyan ay sapagka't kayo'y mayroong isang pananampalatayang intelektuwal, at hindi pananampalatayang mula sa inyong puso. At iyan ay nagpapakita na ang panlabas, *dito*, ay isang kaalaman sa Diyos; ngunit sa loob, *dito*, ay isang demonyo na nag-aalinlangan. "Ako'y naniniwala sa Banal na pagpapagaling, ngunit ito'y hindi para sa akin." Kita n'yo? "Ah, ito ay maaring gayon, ngunit hindi ko ito pinaniniwalaan." Naunawaan n'yo

iyang? Sa labas, sinasabi ninyo “oo”; sa loob, ang inyong konsensiya ay nagsasabing “hindi.” Ang ganyan ring maka-siyentipikong bagay ay magpapatunay na iyan ay hindi tama, patutunayan iyan.

⁵¹ Pansinin nang ang mga haring ito, bago sila nagpasimula, sila sana ay. . . Bago sana si Jehoshapat gumawa ng isang pag-anib kay ahab, dapat sana niyang sinabi muna, “Tayo ay manalangin at tingnan kung ano ang kalooban ng Panginoon.”

⁵² Magbigay sa akin ng isang mangangaral, magbigay sa akin ng isang Cristiyano, magbigay sa akin ng isang maybahay na isang Cristiyano, magbigay sa akin ng isang magsasaka, o isang trabahador ng pabrika, na uunahin muna ang Diyos sa lahat ng bagay, ipapakita ko sa inyo ang isang tao na magiging matagumpay sa kabila ng lahat ng mailalagay sa kaniya ng Diablo. Hinahanap niya ang Diyos, muna. Tayo ay dapat munang. . .

⁵³ Ngunit hindi nila ginawa iyon. Silang lahat ay nalabuan dahil si Ahab ay mayroong dakila’t maningning na kaharian, at nakagawa siya ng napakaraming bagay, at mayroon siyang mga magagarang pananamit, ang kaniyang ginto at ang kaniyang pilak, naging isang dakila’t matagumpay na tao, gayon pa man ay isang di-mananampalataya.

⁵⁴ At iyan ang kalalagayan ng sanglibutan sa ngayon. Iyan ang kinatatayuan ng Amerika ngayon. Iyan ang kinatatayuan ng mga iglesya ngayon. Tayo’y nakapagpatayo ng ilan sa mga pinakamainam na mga simbahan na naitayo. Nagkaroon tayo ng ilan sa pinakamatalinong mga iskolar na nakamit natin. Nakapagturo tayo ng ilan sa pinakamainam na teolohiya, at iba pa, at natutong umawit na tulad ng mga Anghel, ngunit gayon man ay mayroong kahinaan kung saan. Mayroong kahinaan, dahil sila’y nagsiparoon sa doktrina ng tao at mga espiritung mapanghikayat, sa halip na magsibalik sa Salita ng Diyos. Sinisikap nilang gawin ang mga bagay na itulad gaya sa sanglibutan. Sinikap nilang lagyan ng mga makikislap na liwanag sa palibot nito, tulad sa Hollywood.

⁵⁵ Dito noong isang araw, isang tanyag na denominasyon, ang hanay ng Full Gospel sa Lungsod ng Kansas, o, ipagpaumanhin ninyo, sa Denver, sa kombensiyon, ay nagtatayo ng isang milyong-dolyar na simbahan. At libu-libong mga misyonaryo ang naghihintay para sa limampung sentimo mula sa gayon ding denominasyon, upang dalhin ang Ebanghelyo doon sa mga pagano. Ang kailangan natin ngayon ay isang misyonerong-kaisipan, sugo ng Diyos, rebaybal na ipinanganak ng Epiritu Santo, na magtataglay ng sikap ng Diyos, upang tumulak patungo sa mga kagubatan at gumawa ng bagay para sa Diyos, sa halip na magtayo ng malalaki, magagarang mga simbahan at sikapin na madaig ang katabi.

⁵⁶ Mas gusto ko pang sumamba sa isang misyon, kung saan ito ay pinaglumaan na, o isang bahay-aliwan, at taglay ang kalayaan ng Banal na Espiritu at ang pag-ibig ng Diyos ay nag-aalab sa mga puso, kaysa maupo sa pinakamalaking katedral na mayroon tayo sa sanglibutan at malumpo sa mga doktrina ng tao at mga dogma. Ang kailangan natin ngayon ay isang rebaybal ng pagyanig, manumbalik sa Katotohanan, manumbalik sa Salita ng Diyos muli.

⁵⁷ Ngayon, nang sila ay magtungo roon, at noon pagkalipas ng sandali si Jehoshapat ay medyo nakapag-isip sa kaniyang sarili at sinabi, “Hindi ba’t. . . Buweno, tayo’y sumangguni sa Panginoon tungkol dito.”

⁵⁸ Sinabi niya, “Sige,” ginawa ni Ahab, at siya ay nagsugo at nagdala ng isang daan, apat na raang mainam na mga bihasang mangangaral. At dinala niya sila doon at sinabi, “Ang lahat ng ito ay mga manghuhula.”

⁵⁹ At kaya sila ay nagtungo sa kanilang pang-aakit, at sila ay nagsimulang tumawag. At sinabi nila, “Oo, pumaroon kayo ng payapa. Ang Panginoon ay sumasainyo.”

⁶⁰ At sa gayon pagkatapos lahat noong apatnaraan na makapagbigay ng patotoo na sila ay dapat pumaroon ng payapa, ganoon pa man si Jehoshapat ay nalalaman. . . Nauunawaan ba ninyo ito? Kita n’yo, sa kaibuturan ng puso niyaong taong matuwid ay mayroong bagay na nagsabi sa kaniya na mayroong isang mapanganib na bagay kung saan. May bagay na mali.

⁶¹ Sinabi ni Ahab, “Ngayon mayroon tayong apat na raan dito, at nagkakaisa, bawat isa sa kanila ay nagsasabing, ‘Humayo kayo, ang Panginoon ay sumasainyo.’”

Ngunit si Jehoshapat ay nagsabi, “Wala na ba kayong kahit isa pa?”

⁶² Sinabi niya, “Buweno, ano pa ang kailangan natin sa isa pa, pagkatapos nating magkaroon ng apat na raan sa mga pinaka magagalang na mga edukadong tao sa bansa? Silang lahat ay nagsasabing ‘Humayo kayo!’” Iyon ay intelektuwal. Ngunit doon sa kaibuturan ng puso ni Jehoshapat nalalaman niya na may bagay na mali. Ngayon, sinabi niya, “Mayroon pa kaming isa, siya’y si Micheas. Ngunit kinamumuhian ko siya.” Sabi, “Siya’y palaging nagsasabi ng bagay na masama, at siya ay sumusulpot na lamang ng hindi man lang siya kailangan, at pinupuna niya ang mga iglesya at lahat ng bagay.” Sabi, “Kinamumuhian ko siya.”

Sabi, “Humayo, dalhin siya, at tingnan natin kung ano ang kaniyang sasabihin.”

⁶³ At nang si Micheas ay dumating, sinabi niya. . . Sinabi nila, “Ngayon, tingnan, sabihin mo ang gayon ding bagay tulad ng iba sa kanila.”

⁶⁴ Sinabi niya, sinabi niya, “Akin lamang...” Narito. “Sasabihin ko lamang kung ano ang sinasabi ng Diyos.” Amen. “Maging ano man ang sinasabi ng inyong propeta, at kung ano ang sinasabi *nito*, at kung ano ang sinasabi ng inyong iglesya, at kung anong sinasabi nila. Sasabihin ko kung ano ang sinasabi ng Diyos. Inilagay ng Diyos sa aking mga labi at sasabihin ko kung ano ng Kaniyang sinasabi.” Ang kailangan natin ngayon ay higit pang mga Micheas na magsasabi kung ano ang sinabi ng Diyos. Pansinin, kaya dinala nila siya doon, at sinabi niya, “Bigyan ninyo ako hanggang mamayang gabi.” Kaya ng gabing iyon ay kinatagpo siya ng Panginoon, at siya ay nagbalik kinabukasan. Nang ang dalawang hari ay naupo sa may tarangkahan, sinabi niya, “Humayo kayo.” Sabi, “Humayo kayo. Ngunit,” sabi, “Nakita ko ang Israel na gaya ng tupang nagkalat na walang pastol.”

⁶⁵ Kaya itong isang mangangaral, nabibihisang maayos, lumapit at sinampal siya sa bibig, at sinabi, “Saan nagtungo ang Espiritu ng Diyos nang Ito ay lumisan mula sa akin?”

Sinabi, “Makikita mo kapag ikaw ay nagbalik.” Oo.

⁶⁶ Sinabi niya, “Makinig ka rito!” Sinabi niya, “Kami ang mga lingkod ng Diyos. Kami ay apat na raan, at ikaw ay isa.”

⁶⁷ Ngunit sinabi ni Micheas, “Sasabihin ko sa iyo kung saan ang mali mo.” Amen! Sabi, “Nakakita ako ng pangitain.” Amen! sinabi Niya, “At nakita ko ang Diyos na nakaupo sa Kaniyang trono. Nakita ko ang buong hukbo ng Langit ay nakatayo sa palibot Niya. At nalalaman natin na ang Salita ng Diyos ay nagpahayag ng mga sumpa sa taong ito, mula sa paraan na kaniyang nagawa.”

⁶⁸ Hindi mo mapagpapala kung ano ang masusumpa ng Diyos, ni isumpa man ng Diablo kung ano ang pinagpala ng Diyos. Ito’y pang-individuwal na bagay, gaano man ka-aba, gaano man ka-istupido, gaano man kamangmang, gaano man kawalang-pinag-aralan. Kung ano ang pinagpala ng Diyos ay pinagpala. Kung ano ang isinumpa ng Diyos ay sinumpa. Alaming pag-ibahin kung ano ang tama at kung ano ang mali.

⁶⁹ Nalalaman ni Micheas na mabuti at maigi na iyon ay hindi ang Panginoon ang nasa mga mangangaral na iyon. Buweno, ano ang nangyari sa mga mangangaral na iyon? Pansinin kung ano ang kanilang ginawa. Sila ay nabihisan ng pinaka magara. Sila ay pinakain ng pinaka masarap. Sila ay nagsasama-sama sa kanilang mga pagtitipon at iba pa, at ang kanilang mga pag-aanib, hanggang sa ang dako ay humantong sa kung saan ang tanging nalalaman nila ay ang kanilang sariling teolohiya. At sinabi ng Biblia na si Micheas, nang siya ay tumitingin sa pangitain, sinabi niya, “sinabi ng Diyos, ‘Sino ang mauutusan nating pumaroon at dayain si Ahab?’ At isang sinungaling na espiritu ay nagsabi, ‘Ako’y bababa roon at hihikayatin si Ahab

sa pamamagitan ng mga mangangaral na iyon, upang magdulot kay Ahab na pumaroon, upang sa gayon ay maisakatuparan ang Salita ng Diyos.”

⁷⁰ Ngayon, napakaraming mga tao ngayon ay nakikinig! (Ngayon, Pang-lingguhang pag-aaral, gusto ko ito.) Tingnan, napakaraming mga tao ay nakikinig sa mga espiritung mapanghikayat na sa halip na tanggapin ang Salita ng Diyos. Mga Espiritu, sila’y nasa sanglibutan. Sila’y mga demonyo. At sila ay pumaparoon sa mga dako at sila ay pumaparoon sa gitna ng mga kalalakihan, mga ministro. Sila ay pumaparoon sa gitna ng mga mabubuting tao. At inuudyukan nila sila upang humantong sa pagpaparamdam. At nagsasabi sila ng mga bagay, at gumagawa ng mga bagay, at nagtuturo ng mga bagay, at nagsasanay ng mga bagay, na salungat sa Salita ng Diyos. Sa ngayon, ang mga ministro ng kanilang kongregasyon ay pinahihintulutan ang kanilang mga tao na maglaro ng baraha sa mga simbahan, marami sa kanila. Ngayon, hindi ito lahat Katoliko lang, marami ring Protestante ang gumagawa niyan.

⁷¹ Ang sinisikap nilang gawin ay isang bagay na panghalili. Sinikap nilang sumunod sa ilang bagong plano. Sinikap nilang sumunod sa edukasyon, upang kunin ang lugar ng Espiritu Santo. Hindi-hindi ninyo magagawa iyon, gaano pa man ka- edukado ang inyong tao. Palagay ko ay isang mabuting bagay para sa kaniya ang maging edukado. Ngunit kung siya’y walang taglay na Banal na Espiritu kasama niyan, ang kaniyang edukasyon ay walang magagawang mabuti sa kaniya. Ang edukasyon ay hindi kailan man makukuha ang lugar ng pangunguna ng Banal na Espiritu. Amen.

⁷² Pansinin, sila, sa halip na Ito, sinikap nilang sumunod sa pakikipagkamay kapalit sa naunang karanasan na mayroon tayo dati. Ngayon ang iglesya ay naging moderno. Sila ay lalapit at ibibigay ang kanilang kanang kamay ng pakikipag-isa, at iyan ang tanging paraan na ginagawa nila. Ngunit hindi niyan makukuha ang lugar ng makalumang upuan ng mananangis kung saan ang mga makasalanan natawag at nakipagkasundo sa Diyos. Iya’y tama.

⁷³ Sa ngayon sila’y nagsisikap na kunin ang lugar ng pagbibigay-ikapu sa Diyos. Sila’y nagsisikap na sumunod sa isang bagay. Sinisikap nila itong gawing kakaiba. Sila ay pumaparoon at nagkakaroon ng mga larong bunco sa mga simbahan, maglalaro ng loterya. Ang loterya ay hindi kailanman makukuha ang lugar ng pagbibigay ikapu sa Diyos. Mga hapunan, pagbebenta ng kumot, mga piknik, upang makaipon ng pera para bayaran ang iba’t-ibang mga utang, hindi nito kailanman makukuha ang lugar ng Walang-hanggan na pagbibigay ng ikapu at kaloob sa Diyos. Hindi nito magagawa iyon. Ngunit ganoon pa man sinisikap nating gawin iyan.

⁷⁴ Ano ito? Ito’y mga espiritung mapanghikayat na bumababa, nagsisikap na hal-. . . halilihan ng ibang bagay kapalit sa Salita ng Diyos. Ang Diyos ay walang panghalili para sa Kaniyang Salita. Ito’y Walang-hanggan at magpakailan man. Ang Diyos ay walang ano mang bagay upang ihalili sa pananampalataya. Ang pananampalataya ay walang kahalili. Ang pag-asa ay hindi kailan man makukuha ang lugar ng pananampalataya. Ang pananampalataya ay mag-isa. Ito ay tumatayong mag-isa. Hindi nito kailanman makukuha ang . . . Ang pag-asa ay hindi kailan man makukuha ang lugar nito. Ang pag-asa ay ang kapanatagan ng mga bagay na inaasahan, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita, o pananampalataya nga, pala. Kita n’yo? Ang pag-asa ay isang bagay; ang pananampalataya ay iba. Ang pag-asa ay umaasa roon; ang pananampalataya ay taglay na ito. Ang isa ay pananampalatayang intelektuwal; at ang isa ay direktang kapahayagan ng Diyos. Hindi nito kailan man makukuha ang lugar niyon. Tayo’y nagsisikap, ngunit ginagawa natin ang lahat ng mga panghaliling ito.

⁷⁵ Tayo’y nagsisikap na magtayo ng mga malalaking simbahan sa halip na magpadala ng misyonaryo. Ibang panghalili. Si Jesus ay hindi kailanman nag-utos ng sinoman upang magtayo ng simbahan. Hindi ito kailan man iniutos sa Biblia. Nagtayo tayo ng mga seminaryo, hinayaan nila iyan na kunin ang lugar ng misyonaryo. Tayo. . . Si Jesus ay hindi kailanman sinabi sa atin na magtayo ng seminaryo. Yaon lahat ay mabuti. Ang edukasyon, ay nagsisikap makuha iyan upang kunin ang lugar. Hindi nito kailan man magagawa. Ang utos ni Jesus ay ang “humayo sa buong sanglibutan at ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilalang,” para sa huling panahon. Kaya lahat ng mga panghalili na mayroon tayo ay hindi kailanman makukuha ang lugar ng tunay.

⁷⁶ Noong isang araw nagkaroon ako ng isang karanasan, isang panghalili. Nagkaroon ako ng unang pagsakit sa ngipin, kailangang bunutin ang ngipin. Ngayong umaga mayroon akong isang pustisong ngipin na nakakapit doon. Hirap akong makapagsalita. Hindi nito kailanman makukuha ang lugar ng isang tunay. Hindi, ginoo! Oh, naku!

⁷⁷ Maaaring kunin ninyo ang lalaki at bihisan siya, gawin siya mula sa kahoy, tisa, maging ano man ang nais ninyo, at ayusin siya ng husto. Siya ay walang pakiramdam, walang konsensiya. Hindi niya kailanman makukuha ang lugar ng sinomang tunay na lalaki. Ni ang isang bulaang pagbabalik-loob na lalapit at magsasabing, “Ako’y umanib sa iglesya. Sisikapin kong gumawa ng mas-mabuti.” Hindi niyan kailanman makukuha ang lugar ng totoong makaluma, sugo ng Diyos, pagpapabalik-loob ng Espiritu Santo na gumagawang kakaiba sa isang tao sa kaniyang puso. Hindi nito magagawa iyon, dahil walang Buhay sa loob nito. Walang bagay na makapagbibigay Buhay sa kaniya.

⁷⁸ Dito hindi pa katagalan nakakita ako ng isang dakilang pintor na nagdala nito, eskultor, ibig kong sabihin, na gumawa nitong larawan ni Moises. Hindi ko mabanggit ang kaniyang pangalan ngayon. Siya’y isang pintor na Griyego. Ginugol niya ang kaniyang buhay. At nang makuha niya ito sa kung saan ay inaakala niyang ito ay napakasakdal, siya ay naging labis na natuwa sa imahen ni Moises hanggang sa hampasin niya ang tuhod niyon, at sinabi, “Magsalita ka, Moises!” Iyon ay parang totoo! Iyon ay labis na naitulad ng napakasakdal hanggang sa iyon ay kahawig na kahawig ni Moises, sa kaniyang akala, na kaniyang hinampas ng martilyo upang magkaroon ito ng pakiramdam.

⁷⁹ Nagpapaalaala sa iglesya. Gaano man ninyo ito halilihan, gaano man kalaki ang kongregasyong makuha ninyo, gaano man ninyo kainam awitin ang inyong mga awit, gaano man kaganda manamit ang inyong kongregasyon, gaano man karami mayroon kayo *nito*, *niyan*, o ang *iba*, maaari kayong humampas, makaramdam, maging ano man. Hindi niyan kailan man makukuha ang lugar ng Buhay, malibang si Cristo ay dumating sa anyo ng Espiritu Santo, papasok sa iglesyang iyan, at bigyan iyan ng isang bagong karanasan ng pagiging ipinanganak na muli. Hindi niyan kailanman makukuha ang lugar ng Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay tumatayong mag-isa.

⁸⁰ Taglay ni Micheas ang Salita. Batid niya na taglay ang Salita. Taglay niya ang nasusulat na Salita, taglay rin niya Ito sa pamamagitan ng isang pangitain. Batid niya kung ano ang sinabi ng Diyos sa Kaniyang Salita. Alam niya kung ano ang sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng pangitain. Kapwa sila nagkakatugma. Batid niyang iyon ang Katotohanan, kaya nga siya ay hindi takot.

⁸¹ Ngunit ang mapanghikayat na espiritung ito, tingnan kung ano ang ginawa nito, ngayon. Upang gumawa ng mas marami pang miyembro ng iglesya, upang gumawa ng mas mainam na mga miyembro ng iglesya, ibinaba nito ang mga rehas sa lahat ng makalumang pagtuturo ng Espiritu Santo. Pinahintulutan nito ang mga kalalakihan na magkaroon ng mga pagtitipong panlipunan sa isa’t-isa, doon sa silong kung saan sila ay maglalaro ng mga palaro. Iyan ay hindi makakahalili sa itaas na silid, kung saan sila ay nananalangin para sa Espiritu Santo. Pinahintulutan nito ang mga kababaihan na magsama-sama at magsabi ng biro at bagay, at magkaroon ng maraming kalokohan na doo’y walang ano mang kabuluhan. Hindi niyan kailan man makukuha ang lugar ng pagtitipong pananalangin. Ang mga kababaihan, ang paraan ng kanilang paglabas at pananamit ngayon, ito’y—ito’y isang kahihyan.

⁸² Nakarinig ako ng isang pangungusap na sinambit ni Kapatid na Neville, sabi, “Ang mga abang taong Amerikano,” sabi, “ipinadala nila ang lahat ng kanilang mga damit sa ibang

bansa.” Iya’y tama. Sila’y naglalakad palibot na suot ang kanilang panloob na damit. Sila...Iya’y tama. Ipinamigay marahil nila sa misyonaryo, dahil ang mga misyonaryo...Ang mga tao at ang mga pagano sa ibang bansa ay suot-suot yaon. Ang mga taong ito ay ginagawa ng wala yaon, para bang gusto nila iyon.

⁸³ Sasabihin ko sa inyo, mayroong bagay na naging lisa, at iyan ay ang pangangaral ng Ebanghelyo ng Panginoong Jesus Cristo. Iyon ay mga demonyo na nag-alis ng inyong mga damit. Wala kailan man noon liban sa isang tao sa Biblia na kailanman nagpunit ng kanilang mga damit, iyon ay ang lalaking nilukuban ng demonyo. At siya ay dumating sa maamong anyo ngayon, na para bang siya’y sosyal, para bang siya’y mabuti, para bang ito’y mainam. “Ito’y mas mapreskong panahon, at ito’y gagawin kang mapresko kung inyong aalisin ang inyong mga damit.” Lalaki naglalakad pabalik-balik sa mga bakuran, at kalahati ay hubad, at mga kababaihan gayon din. Bakit, kayo ay nagiging gayon kaya wala ng anomang respeto kaysa mayroon para sa mga aso, ang isa para sa isa pa. Anong nangyayari? Hindi ko sinisikap na saktan kayo. Sinisikap ko lamang na sabihin sa inyo na ito’y paglukob ng demonyo, at kayo’y nakikinig sa mga espiritung mapanghikayat na nagsasabi sa inyo, “iya’y walang anuman,” ngunit iyan ay isang kasinungalingan.

⁸⁴ Ang butil ng trigo ay magbubunga lamang ng trigo. Kung kayo’y isang Cristiyano, hindi ninyo gagawin iyan. Hindi ninyo magagawa ito. Sadyang hindi ninyo mgagawa ito. Mayroon kayong isang pananampalatayang intelektuwal at sasabihin, “Kapatid na Branham, pinaniniwalaan ko ang Biblia.” Ang inyong buhay ay nagsasabi na hindi kayo naniniwala. Amen. Mga espiritung mapanghikayat na nilalaban ang Salita ng Diyos.

⁸⁵ Batid niya kung saan siya nakaatayo, alam ni Micheas. Taglay niya ang Salita ng Diyos. Siya ay isang taong hindi lubos na kilala. Walang sinumang may gusto sa kanya dahil sinabi niya ang Katotohanan, bagama’t gusto nila ang mga mangangaral na ito.

⁸⁶ Ngayon, isa pang bagay na naganap. Naniniwala ako at ipinapalagay na sinomang lalaki na nagkaroon ng karanasan sa Diyos, o isang babae, ay tiyak na magiging emosyonal ng kaunti. Sadyang pinaniniwalaan ko iyan. Iya’y tama. Ngunit alam ba ninyo kung ano? Kanilang sinunod ang emosyonalismo kapalit sa bautismo ng Espiritu Santo. Sila’y nagkakaroon lamang ng labis na ingay, at doo’y walang anomang kabuluhan. Mamuhay lamang kayo ng kasing banal na tulad ng pamumuhay ninyong maingay, kung gayon kayo’y magiging tama. Ang mga emosyon ay tunay na mabuti, “ang pagsasanay na pangkatawan ay kaunti ang pakinabang.” Ngunit ang mga espiritung mapanghikayat ay naparoon sa grupo ng mga tao ng kabanalan, at nakuha nila na

sumalalay lamang sa “dahil sila ay nakakasigaw” o “dahil sila’y nakakasayaw, dahil nakakagawa sila ng emosyon.”

⁸⁷ Ang matandang lalaking iyon doon, ang pangulo ng lahat niyaong mga propeta, ang mga mangangaral, siya ay lubos na nakatitiyak na siya ay tama, na ginawan niya ang kaniyang sarili ng isang pares na mga sungay at sumayaw paikot-ikot, at gumawa ng mas malaking ingay. Itutulak niya ang ibang kawal ng Asiria palabas ng bansa. Ngunit iyon ay isang kasinungalingan! Ang Salita ng Diyos ay nagsabi ng kaiba. Amen. Kita n’yo, maaari kayong maging emosyonal na tama, kung mayroon kayo ng tamang uri ng kilos sa likuran nito, ang tamang uri ng emosyon na nagpapakilos sa inyong emosyon.

⁸⁸ Si David ay sumayaw sa harapan ng Panginoon, at tinawanan siya ng kaniyang asawa. At ang Diyos ay tumingin pababa mula sa Langit, sabi, “David, ikaw ay taong ayon sa Aking Sariling puso.” Ngunit ang kaniyang motibo ay tama. Ang kaniyang buhay ay tama, sa likuran nito.

⁸⁹ Kaya, dahilan lamang sa tayo ay maaaring maging emosyonal, hindi ibig sabihin na tayo’y ligtas. Dahil sa tayo ay nagpupunta sa simbahan, hindi ibig sabihin na tayo’y ligtas. Huwag paniwalaan ang mga espiritung mapanghikayat na iyon. Ang tunay na Espiritu ng Diyos, ang tunay na Salita ng Diyos, ay ang Katotohanan ng Diyos; na siyang Binhi ng Diyos, ay magbubunga ng Diyos sa inyong buhay; magiging maka-diyos, santo, banal.

⁹⁰ Sa gitna ng maraming tao ay masusumpungan natin ang mga emosyon, at iba pa, nagkaroon ng mga daldalan at mga paninira, at lahat ng uri ng mga bagay na hindi makadiyos. Kapatid, iya’y asidong asupre sa loob ng iglesya. Ito’y kapangyarihan ng demonyo. Espiritu ng mga kalalakihan at mga kababaihan na pumaparoon sa isa’t-isa, at sikaping ipagpilitan, sasabihin, “*Ito* ay hindi tama, at *ito* ay hindi tama, at *iyon* ay hindi tama.” Kung inyong sisiyasatin ito, siyam na beses mula sa sampu iyon ding mismong tao ang gumagawa ng kaguluhan, iya’y hindi tama. Amen. Kinamumuhian ng Diyos ang pagtatalo sa gitna ng mga magkapatid. Maging magalang, maging banal, ibigin ang Diyos, manindigan sa Kaniya. At hangga’t nalalaman ninyo na ang inyong buhay ay sumasang-ayon sa Biblia, na may kadalisan ng puso, dalisay na kaisipan, pag-ibig tungo sa inyong kapatid, sinisikap ang inyong buong makakaya upang itatag ang Kaharian ng Diyos, at ginagawa ang mga bagay na iyon, nananamit ng maayos, namumuhay ng tama, nangungusap ng tama, nagpupunta sa mga tamang lugar, kung gayon maaari na kayong magkaroon ng lahat ng mga emosyon na nais ninyo, at ang lahat paniniwalaan iyon.

⁹¹ Sinabi ni Jesus, “Kayo ang asin ng lupa. Kung ang asin ay mawalan ng kaniyang alat, ito kung gayon ay wala nang

kabuluhan, itatapon at tatapakan sa ilalim ng paa ng tao.” Kung kayo’y asin lamang, iya’y walang kabuluhan. Ngunit kung mayroon kayo ng alat nito, kayo ay magiging maalat at ang sanglibutan ay mauuhaw. Kayo ay magiging maalat, sila’y mauuhaw. Oh, naku!

⁹² Mga espiritung mapanghikayat humahayo, mga demonyo na nagbabalat kayo. Tingnan, tayo’y nasa huling araw. Tayo’y nasa huling panahon na. Ang sanglibutan ay halos nakahanda nang dumating sa kaniyang wakas, tulad ng isang namamagang pigsa kung saan ito’y sasabog isa sa mga araw na ito at ang mata ay tatalisik palabas dito. Ito’y naging marumi. Walang pamahid na makakagamot nito. Tinanggihan nila ang—ang panglunas. Tinanggihan nila ang paggamot. Hayaan ninyo ang isang pigsa na lumilitaw doon, at kung hindi kayo iinom ng penisilin o anong bagay na mag-aalis nito, o ibang bagay, ito’y patuloy na lalaki hanggang sa ito’y pumutok.

⁹³ Iyan ang nagawa ng sanglibutan. Ito ay nagsimula, hindi pa katagalan, nagpabaya. Sila ay nagtungo sa dakila’t malalaking ideya, mga bulaang espiritu ay pumasok at nagsimulang magsabi sa mga taong *ito*, *iyán*, o ang *iba*. Tayo ay nahati sa siyam na raan at ilang iba’t-ibang mga denominasyon, bawat isa ay may ibang pananaw. Sinasabi nila, “Pinaniniwalaan namin *ito*, tuldok! Iyan lamang ang aming pinaniniwalaan.” Hindi nila magawang papasukin ang Banal na Espiritu. Hindi sila makakuha ng karapatang dumaan. Ang Diyos ay mayroong mga tao na makakasigaw, pagkatapos ang bawat isa ay kailangan ding sumigaw. Mayroon silang ilan na makapagsasalita ng mga wika, pagkatapos ang bawat isa ay kailangan ding magsalita ng ibang mga wika. Taglay nila ang lahat ng tulad nito, hanggang sa ito ay naging (ano!) lubos na nahawaan ng mga espiritung mapanghikayat, hinihikayat ang mga tao na gawin ang mga emosyong ito nang wala namang Diyos talaga sa loob nito. Pagkatapos lalabas sila at mamumuhay ng kahit anong uri ng buhay na gusto nilang ipamuhay at pagkatapos tatawagin itong “Cristiyano.”

⁹⁴ At ang sanglibutan ay mauupo at titingin, sasabihin, “Buweno, tumingin doon! Ako’y kasing buti na tulad nila.”

⁹⁵ Tulad ng sinabi ko noong isang gabi tungkol sa baboy, tungkol sa makasalanan. Hindi ninyo masisisi... Ang makasalanan ay makasalanan. Huwag sikaping baguhin siya. Huwag subuking sabihin sa kaniya *ito*, *iyán*, o ang *iba*. Siya’y isang makasalanan, sa simula pa lang. Siya’y isang baboy, sa simula pa lang. Hindi niya nalalaman ang kaibahan. Kung siya ay nagtungo sa mga sinihan, at siya ay nagtungo kapag Linggo, at siya ay nagtungo sa mga palaro, at ginagawa niya ang lahat ng mga bagay na ito, siya’y isang makasalanan, sa simula pa lang. Ang kaniyang kalikasan ay isang baboy. Ang matandang baboy ilalapat ang kaniyang ilong sa bunton ng

dumi at kakainin ang lahat ng mga butil mula doon, at lahat ng bagay; buweno, iyan, siya'y isang baboy. Hindi ninyo siya masisisi. Siya'y isang baboy. At ganiyan ang paraan ng mga makasalanan. Ngunit kapag kayo ay hahayo at tatawagin ang inyong sarili na isang Cristiyano, at ilalapat ang inyong ilong na kasama niya, kung gayon kayo'y hindi mas mabuti kaysa sa kanya, ngunit, kayo'y mas malala. Lumabas mula sa mga ito. Pakawalan ang sanglibutan. Pakawalan. Pahintulutan ang Diyos. Pakawalan.

⁹⁶ Papaano ninyo pakakawalan? Napakaraming tao ang nagtataka ngayon, sinasabi, "Buweno, Kapatid na Branham, papaano mo pakakawalan?" Alam kong nakarinig na kayo ng napakaraming teolohiya tungkol dito, "pakawalan." Napakaraming tao ay basta na lang nagpapakahirap, nagsisikap na pakawalan. Maraming tao ang lumalapit at magsasabi, "ako ay mag-aayuno ng apatnapung araw para mayroon akong magawa." Hindi ninyo kailangan ang apatnapung araw na pag-aayuno. Kailangan ninyong pakawalan ang sanglibutan at ang lahat ng mga bagay na ito na makadiablo, at tanggapin ang Salita ng Diyos sa inyong puso. Dapat kayong maturuan kung papaano gawin iyan. Hindi ninyo gagawin ito sa pamamagitan ng pagtalon pataas-at-pababa, ni gagawin man ninyo ito sa apat na pung araw na pag-aayuno. Gagawin ninyo ito sa pamamagitan ng pusong isinuko sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

⁹⁷ Tulad ng isang munting sanggol. Napansin ko ang aking munting sanggol doon sa likuran, ang kaniyang ina ay sinisikap na isuot ang kaniyang maliit na diyaket sa kaniya, nitong umaga. Gusto niyang maisuot ang kaniyang maliit na braso sa manggas. Hindi niya maisuot ang kaniyang braso doon; hindi niya alam kung papaano. Kailangan ninyong gabayan ang kaniyang maliit na braso. Gusto niyang maisuot ang kaniyang braso doon, ngunit kaniya lamang itong nailalagay sa paligid nito. Hindi niya maisuot ito sa manggas. Nalalaman niyang siya'y wala sa loob ng manggas.

⁹⁸ At kaya alam ba ninyo na kayo ay hindi wasto sa Diyos, kapag kayo'y naninira pa rin, nagsisinungaling, ginagawa ang lahat ng bagay. Hindi kayo maaaring maging wasto sa Diyos, walang ano man sa akin gaano man karami ang mga iglesya inyong kinabibilangan, malibang ang inyong kaluluwa ay maging kumbertido. Kapatid, iya'y sinauna, ngunit iyan ay makapaghahatid at makapaglalagay ng kapangyarihan sa inyong kaluluwa. Tama!

⁹⁹ Sinisikap na ipasok ang kaniyang braso, kailangan niyang magkaroon ng isang tao na gagabayan siya sa pagsuot, kung papaano ipasok ang kaniyang braso. Pagkatapos kapag naipasok na niya ang kaniyang braso sa kaniyang diyaket, alam niya na siya ay maayon na.

¹⁰⁰ Ganyan ang paraan nito sa bawat Cristiyanon ipinanganak na muli. Kapag siya ay tunay na napasa Diyos, minamasdan niya ang kaniyang buhay sa Salita ng Diyos at napapagtanto niya na siya ay nakahanay sa bawat bahagi Nito. Siya'y mayroong mahabang pagtitiis, kahinahunan, katahimikan, kaamuhan, kapangyarihan, pananampalataya, pag-ibig, katuwaan, kapayapaan. Hindi siya natatangay-tangay na tulad ng ligalig na dagat. Hindi siya nag-aalala tungkol sa bawat maliit na bagay. Hindi siya tumatalon *dito at doon*, tulad ng isang tapon ng botelya sa mahangin na dagat. Siya ay naitatag. Ang puso ay dalisay. Ang kaniyang mga kaisipan ay dalisay. Ang kaniyang mga intensiyon ay dalisay. Ang kaniyang mga alternatibo ay tama. At nalalaman niya na siya ay naka-ayon sa Salita ng Diyos. Ang buong impiyerno ay hindi siya kayang matinag. Siya ay nakahanay sa Salita ng Diyos. Siya'y mayroong Pag-ibig na Banal, kadalisayan sa kaniyang puso, para sa bawat lalaki at babae. Mayroon siyang. . . Siya'y lumayo na mula sa mga bagay ng sanglibutan, sila'y patay na sa kaniya; hindi na niya sila gusto pa. Bakit, hindi ninyo magagawa sa isang babae na puspos ng Espiritu Santo ang magsuot ng isang pares niyaong mga damit na hindi maka-diyos tingnan at lumabas doon ng walang dahilan. Hindi, ginoo.

¹⁰¹ Ngayon, hindi na kailangan pang lumapit at sabihin sa kaniya na siya ay mali, dahil hindi niya kayo paniniwalaan, sapagkat iyan lamang ang tanging alam niya. Iyan ang kaniyang kaligayahan. Ang babaeng nagsusuot ng mga munting bagay na iyon, upang lumabas ng gabi, kapag ang kanilang kalalakhian ay pauwi, ang gobierno, at sasabihing, "Tahasang bakuran," kaya. . . At sabihin sa akin na iya'y tama? Babae, hindi ko ibig sabihin na kayo'y—kayo'y masama. Hindi ko ibig sabihin na kayo ay imoral. Ngunit hindi ninyo napagtatanto, kapatid na babae, na isang maruming espiritu ang lumukob sa inyo. Para sa ano ninyo ginagawa ito? Mayroon kayong sapat na isip upang malaman na iya'y hindi mas malamig. Iya'y mas mainit. Mayroong isang maruming espiritu.

¹⁰² Sasabihin ninyo, "Ako? Ako, ako ay nagpupunta sa simbahan!" Si Nebuchadnuzor ay isang dakilang tao. Ngunit, dahil siya ay naging mapagmataas, ibinigay sa kaniya ng Diyos ang espiritu ng baka, at hinayaan siyang kumain ng damo sa loob ng pitong taon, at ang kaniyang mga kuko ay humaba na tulad sa ginagawa ng ilang mga kababaihang ito sa palibot dito. Iya'y tama. At siya ay pinuspos ng demonyo.

¹⁰³ Isang lalaki ay pinuspos ng demonyo at hinubad ang kaniyang damit. Hindi nila siya masuotan ng damit. Nauunawaan ba ninyo ang ibig kong sabihin? Ito'y mga espiritong mapanghikayat.

¹⁰⁴ Ang inyong iglesya ay sumasang-ayon doon. Ang inyong mangangaral ay natatakot magsabi ng anomang bagay,

natatakot na baka hindi na ninyo ibigay ang inyong ikapo. Iyan ang dahilan. Iyan ang kaguluhan. Naku, pambihira! Papaano kayo makakapangaral sa isang langkay ng mga buwitre, 'libang mapagbalik-loob ninyo sila at maiayos sa Diyos, sa simula? Kanilang ilalagi ang kanilang mga ilong sa isang patay na bagay sa lahat ng pagkakataon. Ang kailangan ninyo ay magtapon palabas, at isang sinaunang rebaybal na umabot mula baybayin tungo sa baybayin, at gawin ang mga kalalakihan at mga kababaihan na matuwid sa Diyos. Pakawalan, ang mga bagay ng sanglibutan! Pakawalan, ang di mahalaga't paliguy-ligoy na pangangaral. Amen. Ipangaral ang Ebanghelyo. Sinabi ng Diyos ang gayon. "Kung iniibig ninyo ang sanglibutan, o ang mga bagay ng sanglibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa inyo."

¹⁰⁵ Ang mga tao ay makakatalon pataas-at-pababa, at sisigaw buong magdamag, at magsalita ng ibang mga wika tulad ng pagbubuhos ng mga buto sa tuyong balat ng baka; lalabas kagyat, kinabukasan ng umaga, mayroong sapat na galit upang labanan ang ugong ng lagari, paparoon mismo at magsasabi ng bagay sa loob ng iglesya na magdudulot sa buong iglesya para magkawatak-watak. Ito'y walang iba sa sanglibutan kundi mapanghikayat, mga espiritung demonyo! Gusto kong manumbalik sa Salita, kung saan ang Diyos ay kadalisayan, banal. Amen. Iya'y tama. Mga espiritung Mapanghikayat nilalabanan ang Salita ng Diyos!

¹⁰⁶ Narito ang isang lalaki, hindi pa katagalan, kumuha ng isang munting babae. . . Ang mga Catoliko ay mayroong isang dosena roon. Sa kaniyang panahon ng kaniyang menopause, iyon ay lumabas sa kaniyang mga kamay at sa kaniyang noo. Kung ang isang mabuti't puspos ng Espiritu Santo na mangangaral. . . Naisip ko. Ang lalaking iyon ay mayroong botelya ng bagay na iyon, mula sa kaniyang mga kamay, lumilibot pinapahiran nito ang mga tao. Whew! Kahabagan! Ito'y anticristo! Walang ano man sa akin kung ang dugo ay lumabas mula sa kaniyang ilong o mula sa kaniyang ulo, o kung saan, kapatid, walang dugo na makakakuha ng lugar ni Jesus Cristo ang Anak ng Diyos. Iyan lamang ang tanging Dugo na nalalaman ko patungkol sa anumang bagay. Maaaring ang babae ay magkaroon ng langis na bumubuhos mula sa isang kamay, at alak mula sa isa pa, ngunit, kung gagamitin ninyo ito sa anomang uri ng relihiyon, ito'y ang Diablo. Ang makita kung papaano ang mga mangangaral ay mahulog sa ganoong bagay na gaya niyan!

¹⁰⁷ Ang kailangan natin, ay magbalik sa Aklat ng Patnubay, pabalik sa Salita ng Diyos! Ito ay ang Salita ng Diyos, ang pinagpalang lumang Biblia. Sabihin, "Buveno, ako'y natatakot na maging ganiyan, Kapatid na Branham. Ako'y natatakot na mawala ko ang ilan sa aking kaligayahan." Anong nangyari? Hindi ninyo alam kung ano ang kaligayahan.

¹⁰⁸ Nasabi kong hindi ko hinuhusgahan ang lasenggo na lumabas at maglasing. Siya'y sumpungin lamang. Hindi niya alam. Siya ay gigising, isang umaga, taglay niya ang pananamlay, ang epekto ng alak. Lalabas at kukuha siya ng dalawa o tatlong botelya ng serbesa, at lalabas at kukuha siya ng wiski, at lahat ng uri ng ganyang bagay.

Ang munting maninigarilyo ay mauupo at magsisigarilyo, at pausukin palabas sa kaniyang ilong na para bang siya ay isang bagon ng tren. Iyan lang. Hindi ko siya sinisisi, iyon lang ang kaligayahang nalalaman niya. Iyan lamang ang tanging nalalaman niya. Siya'y isang baboy, sa kalikasan.

¹⁰⁹ Mahiya kayo na nagsasabing isang Cristiyano at sumalalay sa mga gayong bagay para sa kaligayahan, samantalang ang Ebanghelyo ng Espiritu Santo ay walang iba kundi isang napakalaking mapuwersang planta ng kaligayahan. Ang Ebanghelyo na puspos ng Espiritu Santo ay isang sakdal na pagkalasing para sa bawat tao na mayroong mga kalumbayan. Makakainom kayo ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo, mapuspos sa Espiritu Santo, kayo ay lasing hanggang sa inyong iwanan ang sanglibutang ito, amen, hindi mabigkas na kaligayahan at puspos ng kaluwalhatian. Mayroong patuloy na pagpapasigla. Ito'y patuloy na pagkalasing, lasing araw at gabi! Amen. Iyan ang Salita ng Diyos.

¹¹⁰ Ang iglesya ay lalapit, susunod sa ibang bagay. Sila ay kailangang magkaroon ng isang maliit na pagtitipon kung saan silang lahat ay magpupunta sa tabing dagat, upang magkaroon ng paglilibang. Isang pagtitipong paglalaro ng baraha, para pagsasama. Iya'y tama. Magkaroon ng sayawan, minsan, sa bahay ng isang miyembro, paminsan minsan sa silong ng simbahan. Isang sayawan, sinusunod, nagsisikap na makakuha ng bagay upang masiyahan. Anong nangyayari? Sila'y malaking lupon ng mga baboy, kahit papaano. Sila'y mga baboy, sa simula pa. Kung sila lamang ay nagkaroon ng ugnayan kay Cristo, sila sana ay mayroong labis na kaligayahan, ang mga bagay na iyon ay magiging mas patay pa kaysa hatinggabi, sa kanila. Ebanghelyo, lasing sa Espiritu, di-mabigkas na kaligayahan at puspos ng kaluwalhatian.

¹¹¹ Huwag husgahan ang makasalanan; kaawaan siya. Pabayaang lamang siya at sigarilyuhin ang kaniyang pipa, hayaan siyang inumin ang kaniyang alak, hayaan siyang maglaro sa parti ng baraha. Iyan ay kaniyang kalayawan. Huwag siyang sisihin. Uwi ng bahay at lahat ng bagay, pagod at hapo, gusto niya ng ilang kalayawan. Ang bagay na dapat ninyong gawin ay mamuhay ng buhay na may kabanalan na inyong mapapatunayan sa kaniya na ang Ebanghelyo ay higit na nanghahawakan ng sangpung libong ulit kaysa diyan, para sa kaniya. [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] At kung siya ay mamatay sa gayong kalalagayan, siya'y tutungo sa impiyerno,

sa kaniyang alak. Iyan ang panglalasing ng Diablo. Kung siya'y mamatay, na dala-dala ang pipang iyan, ang Diyos ang kaniyang Hukom. Kung siya'y mamatay, na lumalabas rito, na sumasayaw, at naglililiwaliw na nakasuot ng mahalay na damit, ang Diyos ang kanilang Hukom.

¹¹² Ngunit mayroong isang bagay, kung kayo ay mamatay sa ilalim ng pamahid na Kapangyarihan ng Espiritu Santo, tulad ng ginawa ni Esteban nang siya ay tumingin sa mukha ng Diyos, sinabi, “nakikita ko na bukas ang Langit, at si Jesus ay nakatayo sa kanang kamay,” kayo'y nakatalaga sa Langit, tulad ng isang martines sa kaniyang kahon. Amen.

¹¹³ Mga espiritung mapanghikayat sumasalungat sa Salita ng Diyos! Pakawalaan, hayaan. “Papaano mo gagawin iyan, Kapatid na Branham?” Pabayaang lamang. Iyan lamang ang dapat ninyong gawin. Tanggapin ang Salita ng Diyos. Huwag magsikap gumawa ng anoman. Huwag pumunta sa altar at kumabog doon, sumigaw, “Diyos, ibigay sa akin ang Espiritu Santo! Panginoon, bigyan mo ako ng Banal na Espiritu!” Hindi Siya darating, ikaw ay kumakabog sa altar na iyan. Iyan ay walang gagawing mabuti. Hindi. Hindi iyan ang paraan ng pagdating Nito. Ito'y, tanggapin Siya sa Kaniyang Salita!

¹¹⁴ Tingnan si Pedro. Si Pedro ay nasa isang kabagabagan, para bang siya ay mamamatay. At nakita niya ang Panginoon na paparating, lumalagak sa ibabaw ng tubig. At sinabi niya, “Panginoon, kung iyan nga ay Ikaw, papariyanin ako.”

Sinabi ng Panginoon, “Halika.”

¹¹⁵ Ngayon sinabi ni Pedro, “Ngayon sandali lang, Panginoon, hayaan akong mag-ayuno ng apatnapung araw, para makita kung ako nga ay makakalakad sa ibabaw ng tubig na iyan, o hindi. O Panginoon, hayaan akong magkaroon ng sapat na Espiritu sa akin, para makasayaw ako sa Espiritu at magsalita sa ibang wika, sa bangkang ito, pagkatapos lalabas ako”? Hindi, ginoo! Tinanggap niya ang Diyos sa Kaniyang Salita, pakawalan at hayaan. Ang Diyos ay inalalayan siya.

¹¹⁶ Ano kaya kung kinatagpo ng Diyos si Moises, at sinabi Niya, “Moises, pumaroon ka sa Egipto, at sabihin mo kay Faraon, ‘Palayain mo ang Aking bayan’ ”? Ano kaya kung sinabi ni Moises, “Hayaan mo akong mag-ayuno ng apatnapung araw, aruna, at tingnan kung mayroon akong sapat na pananampalataya upang sundin Ka, Diyos. Bigyan mo ako ng isang bagay, isang bagay na kakaiba, Panginoon. Hayaang sabihin ko sa Iyo ang isang bagay, tingnan ko kung ako ay mapasa Espiritu, muna”? Si Moises ay hindi nagtanong ng ano mang tanong, tinanggap lamang niya ang Diyos sa Kaniyang Salita, at lumakad na. Iyan ang paraan na dapat ninyong gawin, tanggapin ang Diyos sa Kaniyang Salita. Kung gayon ay alam ninyo na makakaya ninyong gawin ito. Hindi na siya naghintay

hanggang sa may bagay pang naganap, siya ay pumaroon lamang at ginawa iyon.

¹¹⁷ Papaano naman si Elijah, nang siya ay bumaba mula sa Bundok ng Carmelo, nanatili siya ng mahabang panahon? At nakatagpo niya ang isang mahirap na babaeng balo. Siya ay isang. . . Siya ay isang estranghero, isang Gentil. At nang makatagpo niya siya doon, siya ay mamumulot ng ilang patpat, sa bakuran. At sinabi sa kaniya ng Diyos, “Magpunta ka doon sa bahay ng babaeng balo na iyon.” Anong lugar para sa isang mangangaral upang puntahan!

¹¹⁸ Pagkatapos siya ay nagpunta doon sa bahay ng balo. At nang magawa ng babae, siya ay mayroong dalawang patpat. Sinabi, “Ano ang ginagawa mo?”

¹¹⁹ Sinabi, “Namumulot ng ilang patpat. Mayroon lamang akong sapat na harina upang gumawa ng dalawang keyk na mais. Iyan lamang ang natitira sa akin. Mayroong tatlong taon na mula nang tayo ay magkaroon ng ulan.” At sinabi, “Pagkatapos gagawin ko itong mga keyk na mais. At ako at ang aking anak ay kakainin iyon, at mamamatay.”

¹²⁰ Sinabi niya, “Igawa mo ako ng isa, muna! Aleluyah! Oh, alam ko na ako’y medyo hibang, ngunit ako’y nasa panig ng Panginoon, gayon man. Sinabi, “Igawa mo ako ng isa, muna. Sapagka’t, GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Hayan kayo.

¹²¹ Ano ito? “Hanapin muna ninyo ang Kaharian ng Diyos, at ang Kaniyang Katuwiran.” Hindi ang Kaharian ng Diyos at “kaunting ingay,” hindi ang Kaharian ng Diyos at “kaunting emosyon,” hindi ang Kaharian ng Diyos at “kaunting *ganito* o *iyon*.” Kundi, “ang Diyos, at ang Kaniyang katuwiran, at lahat ng iba pang mga bagay na ito ay maidaragdag sa inyo.” Unahin muna!

¹²² Ngayon, ang balong iyon ay narinig iyon. “Ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig, pakikinig ng Salita.” Sinabi niya, “Iyan ang Salita ng Panginoon, sapagka’t iyan ay isang banal ng tao ng Diyos. Iyan ang propeta ng Diyos, at alam ko na iya’y katotohanan. At iyan ang Salita ng Diyos.”

¹²³ Ngayon, hindi siya tumawid para tanungin ang mga kapitbahay kung papaano gawin iyon. Hindi niya gusto na pumaroon at ibahagi ang kaniyang. . . at sabihin sa mga kapitbahay, sabihin, “Ngayon, ano sa palagay n’yo? Ang mangangaral ay naroon sa aking bahay, sinasabi *ito*. Susie, ano sa palagay mo ang tungkol *dito*?”

¹²⁴ Siya ay pumasok, nagsimulang magbuhos palabas. Hinayaan niyang umalis. Hinayaan niyang umalis ang ilang bagay na mayroon siya, upang makatanggap siya ng mas marami pa. Iyan ang kailangan ng sanglibutan ngayon, ay isang maganda’t

makaluma na pagpapakawala ng kung anong nasa inyo. Aleluyah! Siya ay nagbuhos palabas, upang siya ay mapuspos. Ibinuhos niya ang lahat ng langis na mayroon siya, at ang lahat ng langis na mayroon siya at lahat ng harina na mayroon siya, sa mangangaral, sa Kaharian ng Diyos. At nang kaniyang ibinuhos ito lahat doon, ang Diyos ay bumaba, pinuno ang bariles ng harina, pinuno ang galon ng langis. Ibinuhos niya muli iyon, sa plato ng mangangaral. At Ito ay dumating, pinuno ito muli. Ibinuhos niya. Sa tuwing ibubuhos niya, pinupuno Niya.

¹²⁵ Sasabihin ko, ngayon, kung ang tao ay ibubuhos lahat ng walang kabuluhang ito na mga gawa, at panggagaya sa Cristiyanismo, at hayaan ang Espiritu Santo na kunin ang lugar Nito, magkakaroon ng rebaybal na magsisimula sa Eighth at Penn Street na sasakop sa buong bansa. Tigilan ang walang kabuluhan. Manumbalik sa Salita ng Diyos. Magbuhos palabas, upang kayo ay mapuspos. Pawalan ninyo, at ang Diyos ay darating. Magbuhos kayo palabas, ang Diyos ay magpupuno. Lahat ng mga bagay na di mahalaga, ng, “Dapat ninyong gawin *ito*, at dapat ninyong gawin *inyan*; at kailanan ninyong gawin *ito* at kailangang gawin *inyan*.” Kalimutan iyon! Iuhos iyan palabas mula sa inyong kaluluwa!

¹²⁶ Sabihin, “Diyos, hayaan ako, mula dito sa buong. . . sa araw na ito, na mapasa Iyong lubos. Panginoon, lumalapit ako na may pusong bagbag. Lumalapit ako na may espiritung nagsisisi. Mahal kita. Alam Mong mahal kita. At nais kong kalimutan ang lahat ng kamangmangang ito hinggil sa apatnapung araw na pag-aayuno at kung anong magagawa kong mapalapit sa Diyos, at lahat ng *ito*, *inyan*, at *iba* pa, lahat ng walang kabuluhan.”

¹²⁷ Tigilan iyan! Walang bagay sa Salita na nagsasabi sa inyo na magkaroon ng apatnapung araw na pag-aayuno. Wala isa mang bagay. Walang bagay sa sanglibutan na nagsasabi sa inyo para mag-aayuno, malibang sabihin sa inyo ng Diyos. Kung kayo’y mag-aayuno, hindi kayo magugutom, at gawin ang lahat ng mga bagay na ito. Habang kayo ay nag-aayuno, kapatid, kayo’y magiging maligaya at masaya palagi sa lahat ng oras. Sinabi, “Huwag magpakita sa harap ng mga tao tulad ng ginagawa ng mga mapagpaimbabaw, na may mahaba, malungkot na mukha. ‘Ako’y nasa apatnapung araw na pag-aayuno, ang aking mga pagkain ay hindi mainam sa akin. Pumayat ako ng tatlung libra, at sinabi nila sa akin mas magiging mabuti ako pagkatapos nito.” Oh, walang kabuluhan! Iya’y mga espiritung mapanghikayat ng Diablo.

¹²⁸ Pumaroon sa altar, at sabihing, “luwalhati, luwalhati, luwalhati” hanggang sa wala na kayong masabi pang iba, at sabihing, “Kailangan mong magsalita sa ibang wika bago mo matanggap ang Espiritu Santo.” Walang kabuluhan! Itapon iyan palabas!

¹²⁹ Alisin iyan sa inyong sistema at lumapit sa Salita ng Diyos! Sinabi niya, “Magsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo.” Kung hindi tutuparin ng Diyos ang Kaniyang Salita, Siya’y hindi Diyos. Amen. Itapon palabas. Mapuspos. Amen. Whew! Gusto ko iyan. Iya’y Kaniyang Salita. Sinabi ng Diyos ang gayon. Iya’y tama. At kapag sinabi ng Diyos iyan, pangangalagaan ito ng Diyos. Tama. Lahat ng mga paghahanda na inyong ginawa, lahat ng pagpunta sa simbahan na ginawa ninyo. . .

¹³⁰ Ito’y tulad lamang dito sa may pagawaan ng kotse kung saan sila ay nagtatayo ng isang malaking bungkos ng bagahe, o isang malaking bungkos ng mga kotseng pampasahero. Dati akong nagtatrabaho doon. At kinukuha nila at ginagawa nila ang malalaking mga sasakyan na iyon at lahat ng bagay, at lagyan ng matigas na kahoy, kinalupkupan ng kamagong sa lahat ng palibot, at lahat ng bagay ay napakaganda, ilalagay doon sa daan, at iyon ay kasing patay na gaya ng pakong pintuan. Naroon nakalagay ang makina, walang singaw doon. Siya ay nakalagay lamang doon.

¹³¹ Ang kailangan nito ngayon ay kaunting apoy sa pakuluan. Ang kailangan nito ngayon ay isang pasingaw. Ang kailangan nito ngayon, ang iglesya, upang kumulo; ang pinaka mainit na pampakulong bagay na mayroon ay ang pakuluan ang kasalanan palabas ng inyong buhay, ay pag-ibig. At kung hindi ninyo maibig ang isa’t-isa, papaano ninyo iibigin ang Diyos Na hindi ninyo nakita? Ang pag-ibig ay nagtatakip ng maraming kasalanan. Umibig sa Diyos, pagkatapos iibigin ninyo ang isa’t-isa, pagkatapos iibigin ninyo ang iglesya, iibigin ninyo ang Layunin, iibigin ninyo ang lahat ng bagay na banal, at kayo’y lalayo sa mga bagay ng sanglibutan.

¹³² Mga espiritung mapanghikayat lumilibot sinasabi sa mga taong *ito*, *inyan*, o ang *iba*, “Kailangan nilang gawin *ito*. Kailangan nilang gawin *inyan*.” Ito’y dahil sa ang mga denominasyon ay nagbangon, at sila ay nagkaroon ng kaunting kapahayagan na kanilang sasabihin, “Buweno, ngayon, naniniwala ako na ang isang tao. . . naniniwala ako sa gayong bagay na gaya ng pagsigaw sa Biblia.” Iya’y tama. Iyan ang katotohanan. Gumawa sila ng denominasyon mula rito, “Kapag sumigaw ka, nakamtan mo na Ito.” Ngunit hindi ninyo nakamtan.

¹³³ Ang isa pa ay magbabangon, nagsabing, “Ang pagsasalita sa ibang mga wika.” Iya’y tama. Iya’y nasa Biblia. “Buweno, kapag ika’y nagsalita sa ibang mga wika, nakamtan mo na Ito.” Ngunit napakarami sa kanila ay nagsalita sa ibang mga wika at hindi nakamtan Ito. Kita n’yo? Iyan ay hindi Ito. Hindi, ginoo.

Marami sa kanila ay nagsabi, “Buweno, tayo ay kailangang manghula.”

¹³⁴ Tingnan itong mga propeta rito na may mga sungay sa kanilang ulo, tumatalon pataas at pababa at nanghuhula. Sinabi ni Micheas, “Kayo’y, bawat isa, ay nagsisinungaling.” Amen. Tama. Ang Diyos ay hindi dumating na tulad niyan. Ang Diyos ay dumarating sa tapat na puso na lumalapit na may pagsisisi, bagbag na espiritu. “Siya na humahayo, nagtatanim sa luha, ay walang alinlangang babalik muli na nagagalak, magdadala ng mga maiinam na bigkis ng palay.” Amen. Kamtin iyan ng tama, kaibigan.

¹³⁵ Napakaraming demonolohiya, mga demonyo na gumagawa sa kaluluwa ng tao! Masdan kung saan nagmumula ang bunga nito. Masdan kung anong uri ng buhay ang ipinamumuhay ng isang tao. Tingnan ang paraan na kanilang ikini kilos, masdan ang paraan na kanilang ginagawa, tingnan kung ano ang kanilang mga motibo. Ito’y sadyang kasing imposible . . . At kung sinabi ko sa inyo na, “Ang tanging paraan . . . Naririto ang mga kotse, lahat ay nakahilera dito. Ang langit ay nasa Charlestown. Hindi kayo makakalakad. Ang tanging paraan na makakapunta kayo, ay sa kotse. At ang bawat tao na tatawid sa guhit ay kailangang magdala ng limang galon ng gasolina.” Narito ang kaniyang kotse, ngunit kung wala siyang gasolina hindi niya mapapatakbo ito. Buweno, iya’y eksakto, tumpak na gayong paraan ito sa Langit. Kung kayo ay mamatay na wala ang Diyos, walang anuman sa akin kung paano kayo namuhay at kung gaano karami ang mga kotse na inyong nagawa, kung ang pag-ibig ng Diyos ay wala roon upang hatakin kayo papasok sa Kaharian ng Diyos, kayo ay napahamak.

¹³⁶ Mayroong negatibo at positibo. Gaano man na kapositibo ang koryenteng ito na dumadaloy rito, kung ito’y walang pang-grawn na kawad, ito’y hindi magliliwanag. Iya’t tama. Kayo’y dapat na mag-ugat, nakatatag sa pag-ibig ng Diyos. Oh, kapatid! Pagsamahin ang negatibo at positibo na iyan, magkakaroon kayo ng Liwanag, ang mainam makalumang Liwanag ng Ebanghelyo. Hayaang Ito ay kumalat mula sa pampang hanggang sa kabilang pampang. Hindi ninyo makakamtan Ito ng wala nito. Gaano man karaming pakikipagkamay at paglulundag na inyong magagawa sa positibo, kailangan ninyong magkaroon ng pang-grawn na kawad upang magliwanag ang ilaw. Amen.

¹³⁷ Napansin ba ninyo? Maglagay kayo ng graun na kawad dito, at bawat hibla ay tutungo mula dito tungo sa estasyon, patungo sa lupa. At sa tuwing ang isang tao ay mag-ugat at matatag sa Salita ng Diyos, iniugat nito at itinatatag siya sa Kalbaryo, doon, kung saan ang angkla, ang pinagtataliang haligi ng Diyos ay nadala doon, upang pagliwanagin ang Ilaw ng Ebanghelyo. Amen.

138 Alam ba ninyo kung ano ang nangyayari? Ang mga tao dito sa mga malalaki't malamig na pormal na mga morge dito, nagpapanggap na ipinapangaral ang Ebanghelyo. Isang munting mangangaral ay lumapit sa akin kahapon, kabilang sa isa sa mga pinaka malaking denominasyon na mayroon sa lupain ngayon, maliban sa Catoliko. Sabi niya, "Kapatid na Branham, ako'y sawang-sawa na at pagod na." Sabi, "Gagawin nila kaming lahat na mga mangangaral na magsuot ng mga mahabang damit at babaliktarin ang aming mga kuwelyo pabaliktad, at—at mangaral ng mga bagay-bagay. At sasabihin nila sa amin kung ano ang ipapangaral, bawat ikatlong buwan." Sabi niya, "Hindi ko na matatagalan pa ito." Sabi niya, "Anong dapat kong gawin? Dapat ko bang simulan na ipangaral ang Ebanghelyo?"

139 Sabi ko, "Kapatid, hangga't ikaw ay kasama sa denominasyon na iyan, igalang mo iyan. Sabihin mo lamang kung ano ang gusto nila. Ngunit lumapit ka sa inyong presbitero o inyong superentende, at sabihing, "Ginoo, ako'y ipinanganak na muli ng Espiritu ng Diyos. Narito ang Salita ng Diyos. Kung papayagan ninyo akong ipangaral Iyan, ako'y mananatili sa inyong iglesya. Kung ayaw ninyo, aalis ako. Ilipat ito sa sinumang iba pa." Iyan ang paraan upang gawin ito. Huwag nang magpaliguy-ligoy pa. Huwag maging negatibo. Lumabas at sabihin kung ano iyon. Tama.

140 Sabi niya, "Kapatid na Branham, sa palagay mo ba magkakaroon ako ng kongregasyon?"

141 Sabi ko, "Kung saan naroon ang Bangkay, mangagkakatipon doon ang mga Aguila." Iya'y tama, susunod sila.

142 Tulad ng lalaki, minsan, na nagpapisa ng mga manok. Ngayon, ito'y hindi biro. Hindi ko ito ibig sabihin para magbiro. Ibig ko itong sabihin para sa isang puntos. Ilalagay niya ang kaniyang manok, at siya ay walang sapat na mga itlog. Naglagay siya ng isang itlog ng pato sa ilalim ng isa. At nang silang lahat ay napisa, ang pato ay ang pinaka-kakatwang bagay tingnan na nakita ng mga manok. Kaya ang inahin ay kukurukok sa mga manok at ang mga maliliit na mga sisiw ay lalapit, ngunit ang pato ay hindi alam ang lenguwahe na iyan. Ngunit, isang araw, ang matandang inahin ay inakay sila palabas ng likod ng kamalig. Mayroon doong isang sapa sa likod ng kamalig. Nang maamoy ng munting patong iyon ang tubig na 'yon, pumaroon siya sa tubig ng kasing bilis ng magagawa niya. Ang matandang inahin ay nagsabi, "kurok, kurok, kurok." At ang munting pato ay nagsabi, "honk, honk, honk." Siya ay patungo doon sa tubig. Bakit? Siya ay isang pato, sa kalikasan. Kapag nakaamoy siya ng tubig, kapatid, hindi siya makakaiwas doon, dahil siya ay isang pato.

143 At sinasabi ko ngayon, sinomang tao na talagang nagnanais na masumpungan ang Diyos, hindi nila hahayaan ang iglesya na

idikta sa kanila ang mga bagay na hindi nila maipapamuhay, *iyán* o ang *iba*. Kung taglay ninyo ang kalikasan ng Diyos sa inyo, kayo'y tutungo sa kabanalan. Kayo'y tutungo sa tamang bagay. Kayo'y maninindigan para sa bagay na tama. Gagawin ninyo ang bagay na tama. Iisipin ninyo ang bagay na tama. Kung kayo'y isang pato, gusto ninyo ng tubig. Kung kayo'y isang Cristiyano, iibigin ninyo si Cristo. Kung kayo'y isang diablo, gusto ninyo ang mga bagay ng Diablo. Kung kayo'y isang buwitre, kakain kayo ng mga patay na bagay. Kung kayo'y baboy, kakain kayo ng dumi. Nasaan kayo ngayon? Tama. Kayo'y nag-aangkin na nasa itaas rito, kinakain ang mga bagay ng Panginoon, pagkatapos ay bababa at maghuhukay kasama ng Diablo? May bagay na mali dito. Tigilan ang pakikinig sa kanila na mga espiritu; sila'y mga diablo. Kahit na kayo ay tumayong mag-isa. Mga kalalakihan at mga kababaihan na naging mahalaga sa anomang bagay, halos, ay ang mga kalalakihan at kababaihan na nanindigang mag-isa kasama ng Diyos.

¹⁴⁴ Tingnan si Micheas, kung papaano siya nanindigan doon; hindi tulad ng bato ng Gibraltar, kundi ang Bato ng Kapanahunan. Sinabi niya, “Wala akong sasabihing anoman . . . Hindi mahalaga sa akin kung anoman ang sinasabi ng seminaryo. Hindi mahalaga sa akin kung ano man ang sinasabi ng aking kongregasyon. Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sinasabi ng hari. Kung pupugutin nila ang aking ulo, sasabihin ko lamang kung ano ang inilagay ng Diyos sa aking bibig para sabihin.” Tama siya. Tama siya.

¹⁴⁵ At ngayon, mga kalalakihan at mga kababaihan, huwag bigyang pansin sa kung anong mayroon ang sanglibutan para sa inyo, kung anong pagsusumamo mayroon ito, kung anong uri ng mikrobyong pagbabakuna mayroon sila, at inaangking, “Kung kayo ay aanib sa iglesia, kayo'y magiging mabuti.” Iyan ay bulaang pagbabakuna. Bakit? Mayroon pa rin kayo ng karamdaman ng kasalanan. Iya'y tama. Ngunit sasabihin ko sa inyo ang isang bagay, kapatid, na makapagbabakuna sa inyo mula sa kasalanan, iya'y, pumaroon sa mahal na Dugo ng Panginoong Jesus Cristo at mapuspos sa Espiritu Santo, at iya'y magbabakuna sa inyo mula sa lahat ng kasalanan, at ang inyong hangarin ay magiging patungo sa Langit, at wala na kayong panahon para sa mga bagay ng sanglibutan.

Tayo ay manalangin.

¹⁴⁶ Ama naming Makalangit, kapag nakikita namin ang mga espiritung mapanghikayat na ito sa mga tao, at nalalaman na kanilang tinatangihan ang mga bagay ng Diyos, dalangin ko, Diyos, na Iyong tanganan ang bawat lalaki at babae na narito ngayon. Maging ito sana ang araw, Panginoon, na kanilang mapagtanto na ang kanilang buhay ay hindi umaayon sa Salita. At sila ay matagal nang nakikinig sa maling bagay, na malaon nang ipinang-aaliw ng Diablo sa kanila kasama ng luma't

gumagalaw Tunay na Kasaysayang babasahin, luma't bulok na kalokohan ng sanglibutan, at luma't gumagalaw na mga palabas at maruming telebisyon. O Diyos, yaong imposibleng bagay para sa isang Cristiyano na tingnan! Diyos, pinasasama nito ang aming pakiramdam. Sinabi Mo na pinasama nito ang iyong pakiramdam, tulad ng isinuka. Sinabi Mo, "Ang aso ay bumabalik sa kaniyang isinuka, at ang—at ang baboy ay bumabalik sa kaniyang lusak." Ang matandang aso ay susuka ng kung anong bagay. Tingnan ang isang hindi pa lubos na isinilang, ipagpalagay na, mapagpaimbabaw na tao na lumapit sa altar, at para bang inyong isusuka ang sanglibutan; nagpapatuloy pa rin, bumabalik sila at kinakain ang bagay muli. O Diyos, linisin Mo ang Iyong Tahanan, Panginoon. Aleluyah! Isugo ang Espiritu Santo na may gayong sinaunang kombiksiyon na maglilinis ng mga pagkahilig ng tao at linisin ang kaniyang kaluluwa, at linisin siya ng husto at gawin siyang nilalang na nakatalaga sa Langit. Bigyan siya... Ipanauli ang kaniyang kabataan at ang kaniyang mga panata tulad ng agila, upang siya'y maka-kampay at lagpasan ang mga bagay ng sanglibutang ito, at lumipad sa Kalangitan doon kung saan makikita niya ang mga paparating na kabagabagan sa malayo pa lang. Ipagkaloob ito, Panginoon.

¹⁴⁷ Itinulad Mo ang Iyong mga propeta sa kanila, sa mga agila, na mayroong mata ng isang aguila, makakapunta ng napakataas at makikita ang mga bagay ng matagal bago ito makarating doon. O Diyos, pagpalain ang munting iglesyang ito. Pagpalain ang mga taong ito na pumaparito. Pagpalain ang mga estranghero sa mga pintuan ngayon. At ipaalam sa kanila na ang Mensaheng ito ay hindi direkta sa kanino mang personal na tao, kundi direkta lalung-lalo, Panginoon, doon sa mga labis na nangangailangan; yamang nalalaman na balang araw kami ay dapat na tumayo sama-sama sa paghatol ng Diyos, at nalalaman na kami ay magiging responsable sa pagkakaalam ng Katotohanan at hindi sinasabi Ito. Ama, dumadalangin ako na Ito ay mailalagay sa bawat puso. Sa Pangalan ni Jesus.

¹⁴⁸ Habang nakayuko ang ating mga ulo panandali, aywan ko kung mayroon isa rito ngayong umaga ang magsasabi, "Kapatid na Branham, ako ay sawa na at pagod na sa mga luma't munting mga bagay na ito. Mayroon akong mga bagay na di-mahalaga na nananatili sa akin ng matagal na. Ako—ako'y laging nagsasalita ng wala sa lugar. Ako—ako'y gumagawa ng mga bagay na hindi ko dapat gawin, at alam ko ito. Ito ay hindi nararapat sa isang Cristiyano. Hindi ko gustong gawin iyan; alam ng Diyos na ayaw ko. At ayaw ko nang makinig sa matandang espiritu na iyan. Iyan ang bagay na nagpapahina sa buong buhay ko, mula sa pagkakaroon ng tunay na pag-ibig at kalayaan kay Cristo. Ibig kong ipanalangin mo ko, Kapatid na Branham, upang ito'y—ito'y lisanin ako sa araw na ito." Maari ba ninyong itaas ang

inyong kamay? Bawat ulo nakayuko. Pagpalain kayo ng Diyos. Oh, naku, dose-dosenang mga kamay! Maliliit na mga bagay na di mahalaga, maliliit na mga bagay na ginagawa kayong mangusap o magsimula ng isang uri ng maliit na pagtatalo sa loob ng iglesya, ginagawa kayong pumanig sa isang bagay na iba tulad niyan. Oh, iya’y hindi maka-diyos. Iyan ay pagkakabahagi sa mga magkakapatid. At huwag gawin iyan. Hindi ninyo gusto iyan. Hindi ninyo gusto iyan at mga luma’t maliliit na bagay, mga dati’t maliliit na pagkagalit at lahat ng iba pang bagay, para ibaba kayo.

¹⁴⁹ Sabihin, “Diyos, ayaw ko na ng bagay na iyan. Ako’y sawa na at pagod na dito. Ako’y handa nang iwaksi ito ngayon. Ako’y lumalapit ngayon, Panginoon, at ibig kong lumayo mula sa lahat ng pagka-makasarili ko. Kung ang kapatid ko ay hindi man ako tratuhin ng tama, ipapanalangin ko pa rin siya. Kung ang aking tatay ay hindi man ako tratuhin ng tama, mamahalin ko pa rin siya kahit papaano. Kung ang aking asawang babae ay hindi man ako tratuhin ng tama, o ang aking asawang lalaki, ako’y lalapit, mapagpakumbaba sa harap ng Diyos. Panginoon, tumitingin lamang ako sa Iyong Kaharian. Ibig kong ang aking isipan ay wasto. Nais kong ang aking puso ay mapuno ng kaligayahan. Gusto kong magpatuloy, kapag ang kabagabagan ay tunay na umuugong sa palibot ko, nais ko pa ring manatili na ang aking mga kamay ay nakataas at ang aking puso ay dalisay sa harap Mo, Panginoon, na nalalaman ito, na balang araw ay makakatagpo Kita. Gusto ko ng gayong uri ng karanasan. Panginoon, gawin akong ganyan, mula sa araw na ito.”

¹⁵⁰ Maaari ba ninyong itaas ang inyong kamay, ang ilan na hindi nagtaas ng kanilang kamay kanina. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Kapatid, bigyan kami ng munting koro habang ang ating mga ulo ay nakayuko. Gaano kayo katapat dito? Huwag maglaro ngayon. Hindi ito panahon ng paglalaro. Ito ang panahon ng pagtanggap. Ito ay panahon na dapat ninyong makamtan Ito. Lumapit, itapon ngayon mismo. Maaari ba? Halikayo, ibigay ang lahat na mayroon kayo sa Diyos. Sabihin, “Diyos, wala akong sapat. Ako’y isa lamang na maybahay. Wala akong gaanong magagawa, Panginoon, ngunit aking—mababasa ko ang Iyong Biblia, magagawa kong manalangin araw-araw. Maitatapon ko ang lahat ng basura na nasa isipan ko. Maitatapon ko ang lahat ng bagay na iyan palabas. Ako’y nagkasala sa maraming mga bagay na sinabi ng mangangaral na iyan ngayong umaga, kaya ako—itinatapon ko ito ngayon. Hindi ko gusto ito. Diyos, puspusin ng pag-ibig. Puspusin ng bagay na gagawin akong ibigin ang pinakamapait na kaaway na mayroon ako. Tunay na gusto ko iyan, Panginoon.”

¹⁵¹ Habang siya’y tumutugtog dito, maaari ba kayong lumapit ngayon at tumayo sa may altar panandali, habang tayo ay

nagtitipon sa pagbigkas ng pananalangin. Kung diyan ay totoong tapat kayo ngayon, kung tunay na handa upang talikdan iyon, hindi kayo aalis sa altar na ito ngayon na taglay iyan sa inyong puso, kung kayo’y paririto na may katapatan. At sabihing, “ako’y lalapit rito para tumayo, sandali, Kapatid na Branham, oo, habang ikaw ay bumibigkas ng pananalangin kasama ko, ng personal.” Ako—nais ko na kayo ay lumapit, manalangin. Maaari bang pumarito kayo ngayon? Na ang inyong mga ulo ay nakayuko, sino ang tatayo at lumapit sa altar, tumayo sa palibot ng altar?

Huwag akong lagpasan, O mabait na
Tagapagligtas

Dinggin ang aking mapagkumbabang ‘samo;
Habang sa iba Ikaw ay tumatawag,
O, ako’y huwag mong lagpasan.

Tagapagligtas, Tagapagligtas,
Dinggin ang aking mapagkumbabang ‘samo;
Habang sa iba Ikaw ay tumatawag,
O, ako’y huwag mong lagpasan.

¹⁵² Gaano man kayo katagal na naging Cristiyano, at taglay pa rin ninyo yaong mga dating mga munting espiritu na nangungusap sa inyo, ginagawa kayong magagalitin, ginagawang magsalita tungkol sa iba. Kapag ang iba ay lumapit at nangusap tungkol sa iba pa, kayo ay sasali sa kanila at, oh, basta sinasagasaan sila. Iya’y mali, kapatid. Huwag gawin iyan. Iyan sa wakas ay ilalayo kayo sa Lupang pangako. Kung mayroon lamang kayong maliliit na mga bagay na hindi ninyo dapat taglay, kung ang pag-ibig ng Diyos ay tunay na wala sa inyong puso, maaari ba kayo na babae at lalaki, na lumapit at sabihin, “Diyos, dito mismo ay itatapon ko ito, sa umagang ito, dito mismo. Ako’y aalis mula sa altar na ito na isang kakaibang tao.” Maaari ba kayong lumapit?

¹⁵³ Mayroon bang makasalanan na hindi pa tinanggap si Jesus, at alam mo na ikaw ay isang makasalanan, hindi mo Siya kilala bilang iyong Tagapagligtas? Sasabihin ninyo, “Kapatid na Branham, oo, akala ko ako ay may napakaraming kalayawan. Nagpupunta ako sa mga sayawan at mga parti at lahat ng mga bagay na yaon. Pinanonood ko ang maling uri ng mga palabas. At ako—binabasa ko ang maling uri ng panitikan. Binabasa ko ang mga lumang aklat na mayroong malalawang mga kuwento doon. Parang kinagigiliwan ko ang pagbabasa nito.” Kapatid, may bagay na mali sa iyo. Iyan ang iyong hilig; kita n’yo, ipakita mo sa akin kung ano ang binabasa ng isang tao, ipakita mo sa akin kung ano ang kaniyang pinapanood, pakinggan ang musika na kaniyang pinakikinggan.

¹⁵⁴ Noong isang araw, paparito nakasakay sa isang kotse, isang tao ay umabot at pinihit ang aking radyo, isang uri ng

malaswang musika. Sabi ko, “Patayin mo ang bagay na ‘yan. Ayaw kong marinig iyan.” Isang bagay na boogie-woogie.

Sabi, “Bakit, gusto kong pakinggan iyan.”

Sabi ko, “Ang iyong kalikasan ay mali. Ikaw ay mali.”

¹⁵⁵ Noong ako ay narito, ilang araw pagkatapos niyon, doon sa kabundukan o gilid ng bundok, nangingisda, kasama ang isang tao. Yaong mga munting ibon ay nag-aawitan. Ang mga ruwisenyor ay nag-iingayan. Ang matandang martines ay lumilipad sa himpapawid, o nightingale, inaawit ang mga papuri. Sumigaw ako sa batang iyon, sabi ko, “Tingnan mo, binata, iyan ang aking musika. Panatilihin nakasindi iyan. Iyan ang aking radyo. Isinugo sila ng Diyos upang awitan ako habang ako’y naririto. Pinaginhawa niya ang aking kaluluwa.

¹⁵⁶ Mas mabuti kaysa lahat ng bagay na luma’t hibang, ang lumang mga juke box na ito na umuugong, tumutugtog, kung saan ni hindi kayo makakain sa isang pampublikong lugar. Ito’y ang pagkain ng Diablo. Ito’y ang tumpok ng Diablo, maruming lahat sa kasalanan. Kayo ba ay natutuwa doon at kinagigiliwan iyan? Kapag inilagay nila ang perang iyan sa mga juke box na ‘yon, at lahat ng luma’t maruming bagay na iyon ay tutugtog, kinagigiliwan ninyo iyan? Mahiya kayo. Kayo’y yaong mga bumalik sa kasamaan. Kayo’y malayo sa Diyos. Hindi ninyo kilala ang Diyos. Kung nakilala ninyo ang Diyos, sa pagpapatawad ng inyong mga kasalanan, hindi kayo makikinig sa walang kabuluhang bagay na iyan. Iyan ay magiging patay sa inyo. Kayo’y—kayo’y masusuka diyan. Hindi ninyo gusto iyan. Ang inyong pagkain ay mas mainam. Mahal ninyo ang Diyos. Maaari ba kayong lumapit ngayong umaga, lumuhod dito kasama ng mga nagpahayag ngayong umaga?

¹⁵⁷ Narito ang mga kalalakihan at mga kababaihan lumuluhod mismo rito, na naging Cristiyano ng maraming taon. Hindi ko sila ginawang ‘di-cristiyano. Kundi ang sinisikap kong gawin ay sabihin sa kanila ang diablong iyan, na naglalagi sa kanila, ay inilalayo sila mula sa lubos na Kaligayahan. Ang Espiritu Santo ay Kaligayahan. Buweno, ako ay nagising na lasing, natulog akong lasing, ako’y lasing buong maghapon, lasing buong magdamag. Oh, ako’y sadyang—sadyang gustong-gusto ko iyan. Ako ay nangingisda, “Huwag mo akong lampasan, O mabait na Tagapagligtas. Dinggin ang aking mapagpakumbabang hibik.” Ako ay nangangaso, at inaawit ang mga papuri sa Diyos. Ako’y nangangaral, saan man ako pumaron. Ayaw ba ninyong maging ganiyan? Puspos ng Espiritu Santo, Ito’y magpapasigla sa inyo. Oh, naku! Maririnig sila na inaawit yaong mga maruruming awitin? Maaawit ninyo ito:

Ako ay patungo sa Lupang pangako,
Ako ay patungo sa Lupang pangako;

O sinong tutungo at sasama sa akin?
 Ako ay patungo sa Lupang pangako.
 Ako ay patungo sa Lupang pangako,
 Ako ay patungo sa Lupang pangako;
 O sinong tutungo at sasama sa akin?
 Ako ay patungo sa Lupang pangako.
 Kailan ko mararating ang iyang makalangit na
 pahinga,
 At magpakailanma'y mapagpala!
 Kailan ko makikita ang mukha ng aking Ama,
 At sa Kaniyang sinapupunan ay magpahinga?
 Ako ay patungo sa Lupang Pangako,
 Ako ay patungo sa Lupang Pangako;
 O sinong tutungo at sasama sa akin?
 Ako ay patungo sa Lupang pangako.

¹⁵⁸ Ayaw ba ninyong lumapit, sumama? Naalala ko nang mga limang daan sa atin ay nakatayo roon nang ako ay nagbabautismo ng isang daan at dalawampu, sa ganito ring panahon ng taon, dito sa may pampang ng ilog, nang iyang dakilang Tala sa Umaga ay bumaba nagliliwanag sa ilog. Aleluyah! Isang Tinig ang nagsasalita mula Dito, sabi, “Balang araw ipapangaral mo ang Ebanghelyo sa buong mundo.” Papaano ang isang mahirap, maliit, ignoranteng taga-bukid na bata ay magagawa iyan? Ang biyaya ng Diyos! Amen.

¹⁵⁹ Oh, sino ang lalapit at sasama? Iwaksi ang, isantabi, bawat bigat ngayon. Huwag makinig sa mga mapanghikayat na espiritu na iyon. Halikayo, makinig sa Salita ng Diyos, GANITO ANG SABI NG PANGINOON! “Mapapalad sila na nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay mabubusog.”

¹⁶⁰ Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon habang tayo'y nananalangin kasama ang mga ito sa may altar.

Mahal na mga anak, nais kong alalahanin ninyo, sa umagang ito, kayo ay naroon upang isantabi ang bigat. Kayo ay naroon upang isantabi ang bawat pasan at ang pagkakasalang pumipigil sa inyo. Sinabi ni Pablo, sa Hebreo, ang ika-12 kabanata.

...na yamang tayo...ay nakukubkob ng gayong makapal na bilang ng mga saksi, itabi namang walang liwag ang bawat pasan, at ang pagkakasalang... pumipigil sa atin,...

At ano pa ang aking sasabihin? Sapagkat... hindi ipahihintulot ng panahon...sasaysayin ko ang tungkol kay Gideon,...kay Balac, kay Balac,... kay Samson,...kay Jefte; tungkol kay David...kay Samuel, at sa mga propeta:

Na ang mga ito sa pamamagitan ng pananampalataya'y nagsilupig ng mga kaharian,

nagsigawa ng katuwiran, nangagtamo ng mga pangako, nangagtikom ng mga bibig ng mga leon,

Nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatanan sa talim ng tabak, nagsilakas sa kahinaan, at naging mga . . . makapangyarihan . . . nangagpapaurong ng mga hukbong taga-ibang lupa . . .

At tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli . . .

At ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok, sa paglilibak at pagkahampas, . . .

At—at ang mga iba'y na nangakaroon ng mga pagsubok . . . panglilibak . . . hinahampas . . .

. . . silang lahat ay napatotohanan na sa pamamagitan ng pananampalataya, . . .

At ang lahat ng mga ito, nang sila'y mapatotohanan dahil sa kanilang pananampalataya, ay hindi kinamtan ang pangako:

Na ipinaghanda ng Dios ng lalong mabuting bagay tungkol sa atin, upang sila'y huwag maging sakdal ng bukod sa atin.

Kaya't yamang tayo . . . ay kinukubkob ng makapal na bilang ng mga saksi, itabi namang walang liwag ang bawat pasan, at ang pagkakasala . . . na pumipigil sa atin, upang ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin;

Na masdan natin si Jesus na gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya; na siya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan niya ay nagtitiis ng krus, na niwalang bahala ang kahihayan, at . . . umupo sa kanan ng luklukan ng Dios.

¹⁶¹ Si Jesus, sa Kaniyang panalangin, nagsabi, “Ama, Aking pinapaging banal ang Aking Sarili.” Si Jesus ay napaging banal, sa Iglesya. Siya’y maaaring nakapag-asawa, ngunit hindi Niya ginawa iyon. Siya ay napaging-banal. Sinabi Niya, “Pakabanalin Mo sila, Ama, sa pamamagitan ng Katotohanan. Ang Salita Mo’y Katotohanan.”

¹⁶² Ngayon itabi nating walang liwag ang bawat pasan. Mayroon kang galit? Mayroon kang bagay tungkol sa iyo, ginagawa kang magsalita nang hindi ka naman dapat na magsalita? O Diyos! Itabi iyan doon ngayon. Itabi iyan doon, masdan ang Apoy ng altar na bumaba at alisin ito. Masdan ang pag-ibig ng Diyos na sunugin ito. Masdan lahat iyan ng dating pagka-makasarili, ang paraan ng iyong pananalita sa iyong asawang babae, ang paraan ng iyong pananalita sa iyong asawang lalaki, ang paraan ng iyong pananalita sa iyong kapitbahay, ang paraan na nangusap ka tungkol sa mga tao sa loob

ng iglesya, ilagay ito sa ibabaw ng altar ngayong umaga, at ang Apoy ng Diyos ay bababa at alisin ito kaagad, at ang Banal na pag-ibig ang susunog sa lugar nito.

¹⁶³ Mayroon kang karamdaman? Ilagay ito sa ibabaw ng altar, sabihin, “Panginoon, narito ito. Lumikha sa akin ng malinis na espiritu. Lumikha sa akin ng kapangyarihang nagpapagaling.” Tingnan kung ano ang gagawin ng Diyos. Gagawin ito ng Diyos ngayong umaga.

¹⁶⁴ Ama naming Sumasalangit, yumuyuko kami sa Iyong Presensiya, alang-alang sa mga yaong nasa altar. Hayaang ang Iyong biyaya ay mapasa bawat isa sa kanila, Ama. Ngayon habang sila . . . Panginoon, hindi ko magagawa ito para sa kanila. Dapat nilang gawin ito sa kanilang sarili. Walang sinomang tao ang makagagawa nito para sa kanila. Dapat nilang gawin ito na mag-isa. Hayaan ang kanilang mga kaluluwa ngayon na sabihin sa kanilang sarili, “O Diyos, ang galit na ito, inilalagay ko ito dito, Panginoon. Hindi ko na pupulutin pa. Anoman ang dumating o umalis, hahayaan ko ito, mula ngayon. Ang dila kong ito na madaling pumanig sa lupon ng tsismis, Panginoon, inilalagay ko ito dito. Hindi ko na ito pupulutin pang muli. Banalin ang aking dila, Panginoon. Hayaang maramdaman ko ang mga Anghel na nagsisiparito, tulad ni Isaias nang sabihin niyang, ‘ako’y may maruming labi. Sa aba ko!’” At ang Anghel ay dumating, kinuha ang pang-ipit, at pumaroon sa dambana at kumuha ng mga liyab ng Apoy, at inilagay iyon sa kaniyang mga labi at binanal siya. Diyos, banalin ang bawat mapagsalita, ngayong umaga, na nangungusap ng mali at nagtatanim ng hidwaan. Ipagkaloob ito, Panginoon.

¹⁶⁵ Ang lahat ng mga karamdaman na yumuko dito sa gusaling ito, mga taong may karamdaman, nalalaman na yao’y mga diablo, rin. Diyos, bilang Iyong lingkod, sinasaway ko sila, sa Pangalan ni Jesus.’ Sila nawa ay lumabas sa bawat taong may sakit. At nawa ang bawat maruming tao, na mayroong mga maruruming kaisipan, malaswa, masamang pita, mga kalalalahanan at mga kababaihan, kapwa, Diyos, alisin iyon sa kanila. Lahat ng ito rito na nagsisikap na alisin ang mga sigarilyo, at kaunting sosyal na pag-iinom, at kaunting mga pagtitipon, at mga bagay na makasarili; Diyos, pasiglahin ang kanilang puso sa Espiritu Santo sa gayong paraan na ang mga bagay na iyon ay wala nang pagnanasa pa. Mawawalan na ng puwang; kayo’y labis na puspos ng Espiritu Santo, mula roon.

¹⁶⁶ Diyos, gawin ang iglesyang ito na nagniningas na puno. Gawin itong lugar ng Espiritu Santo, gawin itong nagliliyab na Apoy, upang ang sanglibutan ay lumingon upang makita ang kaluwalhatian ng Diyos. Diyos, magsimula sa sandakot ng mga tao, ng mga ilang daang narito ngayong umaga. Ipagkaloob ito, Panginoon.

¹⁶⁷ Dalisayin ang bawat puso, bawat Metodista, bawat Baptist, bawat Catoliko, bawat Presbitaryan, bawat Pentecostal. Panginoon, alisin iyon sa kanilang puso, at hayaan silang lumapit sa Iyo ngayon. Ipagkaloob ito, Ama. Ipinamamanhik ko sila sa Iyo, at ipinagkakatiwala sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa paglilinis ng kanilang mga kaluluwa at ang kagalingan ng kanilang katawan. Amen.

¹⁶⁸ Naisip ko, sa may altar, iniwan na ba ninyo ang inyong pasan? Nararamdaman ba ninyo na para bang iyon ay naroon? Kung nararamdaman ninyong iyon ay naroon, kayo ang maging hukom. Kayo ang siyang nananalangin. Nagawa ko na ang pangangaral. Kayo ang gumagawa ng pananalangin. Ang inyo bang pasanin ay naiwan na roon, kapatid na lalaki, kapatid na babae? Maiiwan ba ninyo talaga ito roon? Kung magagawa ninyo, itaas ang inyong kamay, sabihin, “Oo, Diyos, ngayon iniwan ko ito dito. Ang aking pagiging kakaiba, ay iiwan ko dito sa may altar.” Paano kayo, doon sa dulo ng altar dito, sa aking kanan, ginang? Maiiwan mo iyon doon? Maiiwan mo ba ang dating pasan na iyan doon? Sabihin, “Oo, ang aking pananampalataya ay umaasa sa Iyo, Ikaw na Cordero ng Kalbaryo.” Habang inaawit nating lahat ito ngayon.

Ang aking pananampalataya ay umaasa sa Iyo,
Ikaw na Cordero ng Kalbaryo,
O Tagapagligtas na Banal;
Ngayon dinggin ako habang ako ay
dumadalangin,
Alisin lahat ng aking kasalanan,
O pahintulutan ako mula sa araw na ito
Maging lubos na sa Iyo!

¹⁶⁹ Tayo’y magsitayo, maging lubos na magalang, bawat isa. Ngayon makinig na maigi, lahat ngayon. Wala munang aalis. Basta’t. . . Ang gawain ay hindi pa tapos. Nais na kunin ninyo ito ng bahagyang sagrado, medyo taimtim.

Habang aking nilalakbay ang madilim na
labirinto ng buhay,
At mga kalungkutan sa paligid ko’y
kumakalat,
Ikaw nawa’y maging aking Gabay;
Utusan ang kadilimang maging araw,
Pahirin ang luha ng kalungkutan palayo,
At pahintulutan ako mula sa araw na ito
Maging lubos na sa Iyo!

Huwag ninyong awitin ito para sa inyong katabi ngayon. Ipikit ang inyong mga mata, at awitin natin ito ng malumanay, habang itinataas natin ang ating mga kamay sa Diyos.

Habang aking nilalakbay ang madilim na
labirinto ng buhay,
At mga kalungkutan sa paligid ko'y
kumakalat,
Ikaw nawa'y maging aking Gabay;
Utusan ang kadilimang maging araw,
Pahirin ang luha ng kalungkutan palayo,
Ni huwag akong hayaang maligaw kailanman
Mula sa Iyo'y malayo.

Mayroon akong Isang Ama banda roon,
Mayroon akong Isang Ama banda roon,
Mayroon akong Isang Ama banda roon,
Sa kabilang baybayin.

Oh, isang maaliwalas na araw ako'y tutungo at
makikipagkita sa Kaniya,
Isang maaliwalas na araw ako'y tutungo at
makikipagkita sa Kaniya,
Isang maaliwalas na araw ako'y tutungo at
makikipagkita sa Kaniya,
Sa kabilang baybayin.

Oh, isang maaliwalas na araw ako'y tutungo at
makikipagkita sa Kaniya,
Isang maaliwalas na araw ako'y tutungo at
makikipagkita sa Kaniya,
Isang maaliwalas na araw ako'y tutungo at
makikipagkita sa Kaniya,
Sa kabilang baybayin.

¹⁷⁰ Naisip ko ngayon, ilan ang mayroong ama sa ibang Lupain? Tingnan natin ang inyong kamay. Ilan ang mayroong ina sa ibang Lupain? Tingnan natin ang inyong kamay. Ilan ang mayroong Tagapagligtas sa ibang Lupain? Tingnan natin ang inyong kamay.

Hindi ba iya'y magiging isang masayang
pagtitipon!
Hindi ba iya'y magiging isang masayang
pagtitipon!
Hindi ba iya'y magiging isang masayang
pagtitipon!
Sa kabilang baybayin.

¹⁷¹ Gusto kong gumawa kayo ng isang bagay. Ngayon habang inaawit natin iyan muli, gusto kong makipagkamay kayo sa iba na nakatayo sa inyong tabi, at sabihin, "Kapatid na lalaki, kapatid na babae, ipanalangin mo ako, upang makatagpo kita sa kabilang Lupain." Huwag ninyong gagawin ito malibang ito ay totoo sa inyo. Ilan ang nagnanais makatagpo ang isa't-isa? Ilan ang nagnanais makatagpo ang bawat isa rito, Doon? Tayo, tiyak nais natin. Ngayon tayo'y magkamayan sa isa't-isa, at sabihin,

“Gusto kong makatagpo ka, kapatid. Gusto kong makatagpo ka doon sa kabila.” Ngayon habang inaawit natin ito, “Mayroon akong Tagapagligtas sa dako roon.” Mabuti.

Mayro'n akong tagapagligtas sa dako roon,
 Mayro'n akong tagapagligtas sa dako roon,
 Mayro'n akong tagapagligtas sa dako roon,
 Sa kabilang baybayin.

Oh, isang maaliwalas na araw ako'y tutungo at
 makikipagkita sa Kaniya,
 Isang maaliwalas na araw ako'y tutungo at
 makikipagkita sa Kaniya,
 Isang maaliwalas na araw ako'y tutungo at
 makikipagkita sa Kaniya,
 Sa kabilang baybayin.

¹⁷² Hindi ba't pinasasaya kayo niyan at pinainam? “Jesus, panatilihin akong malapit sa krus.”

Jesus, panatilihin akong malapit. . .
 Mayro'n isang natatanging bukal,
 Walang bayad para sa lahat, isang sapang
 nakapagpapagaling,
 Dumadaloy mula sa bukal ng Kalbaryo- . . .

Bawat isa itaas ang inyong kamay ngayon.

Sa may krus, sa may krus,
 Maging aking kaluwalhatian magpa-
 kailanman;
 Hanggang sa ang aking kaluluwang lubos na
 naligayahan ay makasumpong
 Ng kapahingahan banda roon ng ilog.

Sa may krus, sa may krus,
 Maging aking kaluwalhatian magpa-
 kailanman;
 Hanggang sa ang aking kaluluwang lubos na
 naligayahan ay makasumpong
 Ng kapahingagan bada roon ng ilog.

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya
 Sapagka't una Niya akong minahal
 At binili ang aking kaligtasan
 Sa Kalbaryo.

Papuri sa Diyos!

¹⁷³ Iyuko natin ngayon ang ating mga ulo ng tahimik. At sa ating sariling kaibig-ibig na paraan, atin lamang purihin Siya na nakataas ang ating mga kamay, na sinasabi, “Salamat sa Iyo, Panginoon, sa paglilitas mo sa aking kaluluwa. Salamat sa Iyo, Panginoon, sa pagpapagaling sa akin ng lubos. Salamat sa Iyo, Panginoon, sa lahat ng ginawa Mo, nagdadala ng magiliw na pagpapalaya, nagdadala ng walang bayad na kaligtasan.

Salamat sa Iyo, Panginoon.” Ibinibigay namin sa Iyo ang handog ng pasasalamat na ito. Pinupuri ka namin sapagkat Ika’y kaibig-ibig. Ikaw ang Lirio ng Lambak, ang Tala sa Umaga, ang Rosas ng Sharon, ang Lahat-Lahat. Ikaw ang Ama, ang Anak, ang Banal na Espiritu; Siya na Noon, Na Ngayon, at Darating, ang dakilang Alpha, Omega. Ikaw Ang Isang Kamangha-mangha, ang Pangulo ng Kapayapaan, ang Ugat at Supling ni David. Ikaw ang Lahat! At pinasasalamatan Ka namin, Panginoon, sa lahat ng iyong ginawa. Pinasasalamatan Ka namin sa Iyong Salita, sapagka’t Ito ay Ilaw sa aming landas. Oh, dalangin namin, Panginoon, na Iyo kaming palakarin sa Liwanag. Ipagkaloob ito, Ama. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

O sige. Habang tayo’y nauupo sandali. “Tayo’y lalakad sa Liwanag.”

Tayo’y lalakad sa Liwanag, isang magandang
Liwanag,
Nagmumula kung saan ang mga patak ng
hamog ng habag ay maliwanag;
Nagniningning sa buong paligid natin, sa araw
at sa gabi,
Jesus, ang Liwanag ng . . .

¹⁷⁴ Halina, mga banal, awitin natin ito ngayon!

Tayo’y lalakad sa Liwanag (kadalisayan,
kabanalan), magandang Liwanag ,
Nagmumula kung saan ang mga patak ng
hamog ng habag ay maliwanag;
Nagniningning sa buong paligid natin, sa araw
at sa gabi,
Jesus, ang Liwanag ng mundo
Halina, ipahayag Siya bilang iyong Hari,
Jesus, ang Liwanag ng mundo;
Kung magkagayon ang mga kampana ng
Langit ay tutunog,
Jesus, ang Liwanag ng mundo.

Bawat isa!

Tayo’y lalakad sa Liwanag, isang magandang
Liwanag,
Nagmumula kung saan ang mga patak ng
hamog ng habag ay maliwanag;
Nagniningning sa buong paligid natin, sa araw
at sa gabi,
Jesus, ang Liwanag ng sanglibutan.

¹⁷⁵ Hindi ba kayo pinasisigla nito? Ilan ang pinasisigla? Itaas lamang ang kamay ninyo ngayon, sabihin, “Mabuti ang aking pakiramdam.” Ang Banal na Espiritu ay lubos na nilinis kayo. Kung gayon tayo’y (ano?) lalakad sa Liwanag. Huwag makinig

sa anomang . . . Ano ang Liwanag? “Ang Iyong Salita ay Ilawan.”
Kaya kung gayon.

Tayo’y lalakad sa Liwanag, ito’y isang
magandang Liwanag,
Nagmumula kung saan ang mga patak ng
hamog ng habag ay maliwanag;
Nagniningning sa buong paligid natin, sa araw
at sa gabi,
Jesus, ang Liwanag ng . . .

¹⁷⁶ Ngayon, hindi ba iyan kahanga-hanga? Para bang hindi tayo
makapagtapos. Ang Banal na Espiritu ay hinahawakan tayo!
Hindi ba gayon ang inyong nararamdaman? Para bang hindi na
ako makapagtapos. Para bang hindi maaari.

Ang Ebanghelyo ay tumutulo ng dugo,
Ang dugo ng mga disipulo na namatay para sa
Katotohanan,
Itong Ebanghelyo ng Banal na Espiritu ay
tumutulo ng dugo.

Ang isang unang namatay para sa plano ng
Banal na Espiritu na ito,
Ay si Juan Bautista, ngunit siya ay namatay
tulad ng isang lalaki;
Pagkatapos dumating ang Panginoong Jesus,
ipinako nila Siya,
Ipinangaral Niya na ililigtas ng Espiritu ang
mga tao mula sa kasalanan.

Nariyan si Pedro at Pablo, at si Juan na banal,
Ibinigay nila ang kanilang mga buhay upang
ang Ebanghelyong ito ay makapagningning;
Inihalo nila ang kanilang dugo, tulad ng mga
propeta noong una,
Upang ang tunay na Salita ng Diyos ay tapat
na maipahayag.

Pagkatapos kanilang binato si Esteban, siya ay
nangaral laban sa kasalanan,
Ginawa niya silang galit na galit, hinampas
nila ang kaniyang ulo;
Ngunit siya ay namatay sa Espiritu, isinuko
niya ang espiritu,
At nagtungo upang samahan ang iba, iyang
nagbibigay-buhay na may-anyaya.
Ito ay patuloy na tumutulo ng dugo, oo, Ito’y
tumutulo ng dugo,
Itong Ebanghelyo ng Banal na Espiritu ay
tumutulo ng dugo,

Ang dugo ng mga disipulo na namatay para sa
 Katotohanan,
 Itong Ebanghelyo ng Banal na Espiritu ay
 patuloy na tumutulo ng dugo.

Makinig!

Mayro'ng mga kaluluwa sa ilalim ng dambana,
 sila'y nagsisihibik, "Hanggang kailan?"
 Para sa Panginoon na parusahan yaong
 nakagawa ng kamalian;
 Ngunit magkakaró'n ng higit pa na
 magbibigay ng dugo ng kanilang buhay
 Para rito sa Ebanghelyo ng Banal na Espiritu
 kasama Nito'y kulay dugong pagbuhos.
 Sadyang patuloy na tumutulo ng dugo,
 aleluyah, Ito'y tumutulo ng dugo,

Nais kong maging isa sa kanila.

Ebanghelyo ng Banal na Espiritu, Ito'y
 tumutulo ng dugo,
 Ang dugo ng mga disipulo na namatay para sa
 Katotohanan,
 Itong Ebanghelyo ng Banal na Espiritu ay
 tumutulo ng dugo.

¹⁷⁷ Nais kong umalis mula mismo sa pulpito. Amen. Oh, gaano kamangha-mangha! Mga kapatid ibinigay ang dugo ng kanilang buhay. Marami pang gagawa ng gayon ding bagay. Huwag mag-alala. Ito'y dumarating sa isang pagpapasiya hindi magtatagal. Kayo ay maaring pumasok o lumabas alinman. Silang lahat nagsasama-sama na ngayon sa Konseho ng Mga Iglesya, at lahat ay pumapasok. Silang lahat ay nagkakatipon ng sama-sama.

At magkakaró'n ng higit pa na magbibigay ng
 dugo ng kanilang buhay,
 Para rito sa Ebanghelyo ng Banal na Espiritu
 at ang nakapaglilinis na apaw Nito.
 Ito'y tumutulo ng dugo, oo, Ito'y tumutulo ng,
 (O, aleluyah!)
 Itong Ebanghelyo ng Banal na Espiritu ay
 tumutulo ng dugo,
 Ang dugo ng mga disipulo na namatay para sa
 Katotohanan,
 Itong Ebanghelyo ng Banal na Espiritu, Ito'y
 tumutulo ng dugo.

¹⁷⁸ Naku! Pakiramdam ko ang Pag-agaw ay nasa itaas lamang ng iglesya. Oh, pinapasigla lamang akong mabuti! Lahat ng kasalanan ay nasa ilalim ng Dugo. Kita n'yo, ang Banal na Espiritu ay gustong-gusto ang Salita. Ang Salita ang siyang kinakain ng Espiritu Santo, kita n'yo. Oh, naku! Ito

ay bumababa at sumasa kalagitnaan ng mga tao, nililinis ang kanilang mga kasalanan, inaalís ang kanilang mga karamdaman, inaalís ang kanilang mga kalumbayan. Ngayon ako'y lasing, kasing lasing, lamang ng magagawa ko, lasing sa Espiritu, ang pag-ibig ay lumalabas mula sa aking puso. Maging anoman ang nagawa ng sino man, ito'y napatawad na. Ang inyong pinakamatinding kaaway, ito'y wala na. Sino man na nagsalita o nagsabi ng anomang bagay, kung ako . . . buweno, ako . . . na lahat ay wala na, lahat nalinis na ngayon.

At Ito'y tumutulo ng dugo, oo, Ito'y tumutulo
ng dugo,
Ang Ebanghelyo ng Banal na Espiritu ay
tumutulo ng dugo,
Ang dugo ng mga disipulo na namatay para sa
Katotohanan,
Itong Ebanghelyo ng Banal na Espiritu ay
tumutulo ng dugo.

Isang kahanga-hangang panahon! Kahanga-hanga!

Anong kahanga-hangang panahon para sa iyo,
Anong kahanga-hangang panahon para sa
akin,
Kung lahat tayo ay naghahanda upang
salubungin si Jesus na ating Hari,
Magiging anong kahanga-hangang panahon
nga ito.

Kahanga-hangang panahon para sa iyo,
Isang kahanga-hangang panahon para sa akin;
Kung lahat tayo ay naghahanda upang
salubungin si Jesus na ating Hari,
Magiging anong kahanga-hangang panahon
nga ito.

Gusto ba ninyo iyan? Lahat, halikayo!

O, kahanga-hangang panahon para sa iyo,
Isang kahanga-hangang panahon para sa akin;
Kung lahat tayo ay naghahanda upang
salubungin ang ating Hari,
Magiging anong kahanga-hangang panahon
nga ito.

¹⁷⁹ Akin lamang nararamdaman na para bang ang sinaunang rebaybal ay nasa iglesya. Hindi ba? Isa lamang sinaunang paglilinis, iniis-is; mabuti, sinaunang kahanga-hangang panahon. Hindi ba kayo naliligayan? Oh!

Pupurihin ko Siya, Pupurihin ko Siya,
Purihin ang Cordero na para sa mga
makasalana'y pinaslang.

Awitin natin ito ngayon, lahat. Alam ninyo ito? Alam ko ito. Halika rito; tulungan mo akong pangunahan ito, Kapatid na Neville. At lahat kayo, sama-sama ngayon, itaas lamang ang ating mga kamay, awitin ngayon na kasama ko, ngayon, sa umagang ito.

Purihin ang Cordero na para sa mga
makasalana'y pinaslang;
Bigyan Siya ng luwalhati, lahat kayong mga
tao,
Sapagkat hinugasan palayo ng Kaniyang Dugo
ang bawat mantsa.

¹⁸⁰ Ngayon, lahat, halikayo!

Pupurihin ko Siya, Pupurihin ko Siya,
Purihin ang Cordero na para sa mga
makasalana'y pinaslang.
Bigyan Siya ng luwalhati, lahat kayong mga
tao,
Sapagkat hinugasan palayo ng Kaniyang Dugo
ang bawat mantsa.

Amen. Iyan ba'y kahanga-hanga?

Mala-perlas na puting Siyudad,
Ako ay mayroong isang mansiyon, isang alpa,
isang korona;
Ngayon ako ay naghihintay, nag-aabang at
nananalangin,
Para sa puting Siyudad na nakita ni Juan na
bumababa.

¹⁸¹ Amen. Kahanga-hanga! Oh! Ngayon tayo ay tumayo, bawat isa. Umaasa ako na kayo ay nasisiyahan. Alalahanin ang mga gawain mamayang gabi. Ngayon nais nating awitin ang ating mainam, sinaunang pangwakas na awit.


Sa ngalan ni Jesus ay yuyukod,
Nagpapatirapa sa Kaniyang paanan,
Hari ng mga hari sa Langit ating puputungan
Siya,
Kapag ang ating lakbayin ay ganap na.

O sige. Bawat isa ngayon, sama-sama. O sige.

Sa ngalan ni Jesus ay yuyukod,
Nagpapatirapa sa Kaniyang paanan,
Hari ng mga hari sa Langit ating puputungan
Siya,
Kapag ang ating lakbayin ay ganap na.

Ngalang minamahal (Ngalang minamahal), O
 anong tamis! (O anong tamis!)
 Pag-asa ng lupa at galak ng Langit;
 Ngalang minamahal, (Ngalang minamahal), O
 anong tamis, (O anong tamis!)
 Pag-asa ng lupa at galak ng Langit.

¹⁸² Anong kahanga-hangang umaga! Anong kahanga-hangang panahon! Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon panandali. Bawat isa ay tumingin ng direktso kay Cristo ngayon, ang inyong Tagapagligtas. Sa tahimik na paraan, nais kong bigyan ninyo Siya ng mga pasasalamat at papuri. Sabihin, “Panginoon, labis Kitang pinasasalamatan sa pagpapabanal sa aking kaluluwa. Labis Kitang pinasasalamatan sa lahat ng iyong ginawa para sa akin. Hayaang ang Iyong Espiritu ay suma-akin sa buong araw, Panginoon. Patnubayan ako. Gabayan ako. Pagpalain ako.” Ipagkaloob nawa ng Diyos ang pagpapalang iyan sa inyo, ang dalangin ko.

Ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo, Kapatid na Neville, iyong wakasan tayo sa isang panalangin. 

Demonolohiya — Pisikal Na Kalalagayan

Hunyo 8, 1953, Lunes ng Hapon

Roberts Park Amphitheater, Connersville, Indiana

Demonolohiya — Relihiyosong Kalalagayan

Hunyo 9, 1953, Martes ng Hapon

Roberts Park Amphitheater, Connersville, Indiana

Mga Espiritung Mapanghikayat

Hulyo 24, 1955, Linggo ng Umaga

Branham Tabernacle, Jeffersonville, Indiana

Ang mga Mensaheng ito ay ipinangaral ni Kapatid na William Marrion Branham. Sa pagkakakalap ng mas maliwanag at mas kumpletong mga orihinal na teyp, ang aklat na ito ay inayos muli batay sa pangkasalukuyang ayos. Bawat pagsisikap ay ginawa upang tamang-tamang mailipat ang berbal na Mensahe mula sa magnetikong teyp rekording tungo sa nakalimbag na pahina, at nailathala rito na walang bawas ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org